


Tomo XXXV Blg 5
Pebrero - Marso 2011
Matanglawin
Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng
Pamantasang Ateneo de Manila

Maligayang bati sa mga nagwagi sa Loyola Schools Awards for the Arts

Creative Writing: Fiction
Kyra Camille C. Ballesteros, IV AB Communication
Miguel Iñigo R. Llona, V BFA Creative Writing
Rachel V. Marra, IV BFA Creative Writing
Michelle Abigail T. Tan, IV BFA Creative Writing

Creative Writing: Literary Essay
Christina Mae F. Del Rosario, IV BFA Creative Writing
Gerald Gracius Y. Pascua, V BS Chemistry with Applied Computer Systems

Creative Writing: Poetry
Ramon Enrico Custodio M. Damasing, IV AB Philosophy

Theater Arts
Sarah Delphine C. Buencamino, IV AB Humanities
Dean Jantzen L. Chua, V BS Management major in Legal Management, BFA Theater Arts
Tito T. Cosejo, Jr., IV AB Management Economics
Zennon Jean S. Gosalvez, IV BS Management Information Systems
Melchor D. Pante, IV AB Communication

Screen Arts
Gabriel Gonzalo D. Puyat, IV AB Communication
Rachel Marie Frances G. Vergara, V AB Communication

Visual Arts: Graphic Design
Mary Joy T. Gacho, IV BFA Information Design
Lalaine P. Lim, IV BFA Information Design
Nicole Ernestine M. Severino, IV BFA Information Design
Vianne Franchino E. Viceral, IV BFA Information Design
Analyn L. Yap, IV BFA Information Design

Visual Arts: Illustration
Jessica Amanda G. Bauza, IV BFA Information Design
Robby Derrick S. Cham, IV BS Management
Rafael Alberto N. Tuaño, IV BFA Information Design

Visual Arts: Photography
Jose Alejandro P. Dolosa, IV BFA Information Design
Kevin Christopher C. Tatco, IV AB Political Science
Analyn L. Yap, IV BFA Information Design

Music
Anton Luis A. Avila, IV BS/M Applied Mathematics major in Mathematical Finance
Gianina Camille G. Del Rosario, IV AB Communication
Duo – Reese and Vica c/o Maria Therese E. Lansangan, IV BFA Information Design
Victor B. Robinson III, IV AB Communication
Ryan F. Uy, IV BS Management (Honors Program)

Dance
Tara Alessandra S. Abrina, IV AB Economics

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila

Tresa Valenton, BS PSY '11
Punong Patnugot

Dylan Valerio, BS CS '11
Katuwang na Patnugot

Gerald Pascua, BS ACS '11
Nangangasiwang Patnugot

Robee Marie Ilagan, AB PoS '11
Patnugot ng Sulatin

Jeudi Garibay, AB IS '12
Patnugot ng Sining

Jake Dolosa, BFA ID '11
Patnugot ng Lapatan

Joanne Galang, BS MIS '11
Patnugot ng Web Teknikal

Patrick Manalo, AB PoS '11
Patnugot ng Web Sulatin

Frances Pabilane, AB EU '11
Tagapamahala ng Pandayan

Rico Esteban, BS CoE '12
Ingat-Yaman at Tagapamahala ng Pananalastas

Hansley Juliano, AB PoS '11
Pangkalahatang Kalihim

SULATIN AT SALIKSIKAN
Mga Katuwang na Patnugot:
Tricia Mallari, Alfie Peña, Elroy Rendor

Arnold Lau, Arvin Bautista, Kevin Marquez
Karla Placido, Rex Coz, Kevin Ross Nera
Miguel Rivera, Luigi Moreno,
Micha Aldea, Iman Tagudiña
Regine Rostata, Pao Hernandez,
Xavier Alvaran, Raph Limiac, Mike Orlino,
Kristine Pascual, Benjhoe Empedrado,
JC De Leon, Marvin Lagonera,
Jan Fredrick Cruz, Tiffany Sy, Kris Olanday

SINING
Katuwang na Patnugot:
Lalaine Lim

Bea Benedicto, Jam Chuah, Larz Diaz, Elya Vera, Therese Reyes, Justine Banedo, Trixia Wong, Michelle Garcia, Ramil Ramirez, Alyssa Nicole Anatalio, Carol Yu

LAPATAN
Geneve Guyano, Janine Motos,
Angela Muñoz, Eldridge Tan

WEB
Mark Louie Lugue, Faye Matuguinas, Jonathan Sescon, Fawn Yap,
Hanna Adrias, Robin Perez,
Ayeza Lamence, Fatima Nifas

PANDAYAN
Katuwang na Tagapamahala:
Samuel B. Nantes

Charmagne Capuno, Miguel Castriciones,
Mayo Floro

TAGAPAMAGITAN
Dr. Benjamin Tolosa,
Kagawaran ng Agham Politikal

LUPON NG MGA TAGAPAYO
Chay Florentino Hofileña,
Kagawaran ng Komunikasyon

Dr. Agustin Martin Rodriguez,
Kagawaran ng Pilosopiya

Gary Devilles,
Kagawaran ng Filipino

Mike Bernardo Parker,
Programa ng Sining

Mula sa patnugutan

ITIGIL AT IWAKSI

Nitong nakaraang Marso 17, naglabas ng isang Cease and Desist Order ang Department of Building Official ng Lungsod Quezon na pansamantalang nagsususpinde sa pagpapatayo ng Blue Residences, isang 42-palapag na condominium na proyekto ng Shoe Mart Development Corporation (SMDC). Tugon ang direktiba sa kabiguan ng SMDC na irespeto ang komunidad dahil sa panganib na maaaring idulot ng nasabing gusali.

Matatandaang hindi naging madali ang pakikibaka ng mga apektadong komunidad upang mapakinggan at matugunan ng gobyerno ang kanilang hinaing. Sa bahagi ng Ateneo, naglabas ng pahayag ang iba't ibang organisasyong nagpapamalas ng mariin nilang pagkundena sa naturang proyekto. Naglunsad din ang Sanggunian ng signature campaign na pabor sa pagpapatigil ng pagpapatayo sa gusali. Ilang mga pagpupulong sa pagitan ng mga kinatawan ng mga apektadong komunidad at SMDC ang naganap bago nakapagpasa at naaprubahan ang resolusyon sa konseho.

Sa kabilang banda, naging mabilis lamang para sa SMDC na makuha ang mga permiso at lisensyang kailangan upang masimulan ang konstruksyon ng gusali. Nabigyang-pahintulot sila ng sangguniang panglunsod nang hindi dumadaan sa nibel ng barangay (Loyola Heights) at pampublikong konsultasyong nakasaad sa batas. Lumalabas na sa paglagpas ng SMDC sa nakatakdang hangganan ng 24 palapag para sa mga gusaling ito, handa na itong isantabi ang kapakanan ng komunidad – sa tubig, sa trapiko, sa kuryente at sa iba pa. Hindi malayong isiping brinaso ang proseso kaya naging mas mabilis pa ito kaysa sa pagpapabuti ng mga serbisyo at imprastrukturang kinakailangan ng mga mamamayan sa loob at labas ng Maynila.

Interes na naman ba ito ng mga korporasyon sa pagsasantabi sa nakararaming mamamayan? Ito ang tanong na babagabag sa mambabasa, tuwing maririnig niya ang mga isyu ng pagtaas-baba ng presyo ng krudo, kuryente, toll, at pangunahing serbisyo at bilihin.

Kaya naman, liban sa isyu ng kapital, nangangailangan pa ring maging mapagmatyag ang taumbayan sa mga proseso, kasunduan at kontratang inaaprubahan, pinasisinayaan at isinisagawa ng gobyerno. Bilang mga Atenista, hindi tayo hiwalay o mahihiwalay sa ganitong mga usapin.

Kabilang rin dito ang Public-Private Partnerships na bagaman nakatuon sa mga proyektong may kinalaman sa pampublikong kapakanan, hindi malayong maisantabi ang batas at mamamayan para sa interes ng pribadong sektor na kabahagi sa proyekto.

Kulang ang kasagutang kapital lamang ang kailangan para sa mga suliranin ng bansa. Nakaaasiwang dahilan na iyan para sa dinamiraming problemang kaya namang lapatan ng solusyon. Higit sa kapital, nangangailangan ang mga ito ng ibayong pagsusuri, pagsubaybay, pag-aksyon, at integridad para tuluyan nang makaangat ang nakararami.

Isang mapagpalayang pagbabasa!



TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kanyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan - katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan - kabilang na ang kritisismo - ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

TUNGKOL SA PABALAT



sining ni Bea Benedicto

Mainit na pinag-uusapan ang kontrobersiya sa Sandatahang Lakas ng Filipinas. Sunud-sunod ang paglalantad ng katiwalian, korupsiyon, at pagnanakaw sa kaban ng bayan ng mga may pinakamamataas na ranggo ng itinuring na pinakamalakas na puwersa ng seguridad sa kapuluan. Subalit hindi magsisinungaling ang mga datos; lumalabas ang katotohanan Salamat sa mga kawaning may natitira pang pagmamahal sa bayan. Sila na mga walang takot magsiwalat ng liwanag ng katotohanan.

Tunghayan natin ang serye ng pamamalakad sa sangay na ito ng pamahalaan. Tunay nga bang ganito na rin katalamak ang iregularidad rito noon pa man? Ano ang naghihintay sa mga taong sangkot rito? Ano ang naghihintay sa sambayanang Filipino?

Pagwawasto:

Sa isyu ng Matanglawin para sa mga buwan ng Enero at Pebrero ng taong ito (Tomo XXXV, Bilang 4), nagkamali ang mga manunulat sa pangalan ng ikipanamayam sa pahina 33 ng artikulong Pag-asa sa Tiyansa. Nakasaad dito ang pangalang Andy So. Andy Soco ang totoo niyang pangalan.

Nakaligtaan rin ng patnugutan na bigyang pagkilala ang Ateneo PSYCHE at sa mga pasyente ng NCMH sa pahinang 14-17 ng artikulong Iniwan ng Katinuan, Tinalikuran ng Lipunan.

Lubos na humihingi ng paumanhin ang patnutugan ng Matanglawin sa anumang aberyang naidulot ng mga ito.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat ng pagsipi sa mga nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha.

Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa aming pahayagan.

Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa (632) 426-6001 lokal 5449, magpadala ng text message sa (63927) 348-2233, o sumulat sa pamunuan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201 – 202), Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108.

Maaari ring bumisita sa www.matanglawin.org o magpadala ng e-mail sa pamunuan@matanglawin.org.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).



NILALAMAN

8 **TAMPOK NA ISTORYA**
Karangalan?
Isang pagtanaw sa masalimuot na kasaysayan ng AFP

14 **PITIK PUTAK**
Pag-unlad? Panakip-butas? Para Kanino? PPP, Epektibo nga ba?

18 **KILATISTA**
Sine-Sinop:
Ano ang naghihintay sa mga pelikulang Filipino?

24 *Rockultura:*
Alamin kung nagagampanan pa ng musikang rock ang imahen nito.

22 **TALIM NG BALINTATAW**
Sang' Tabi

28 **NAGWAGI SA BERTIGO**
Kultura ng Kakulangan

30 **MATA SA MATA**
Mata sa Mata: Para Kay:
Kilala mo ba si Sir Calasanz?

36 *Pagtalima sa Hele ng Paninindigan at Prinsipyo ni Nanay Mameng*

39 **BAGWIS**
Paolo Tiausas
Elroy Rendor

OPINYON

LIGALIG NG LAYLAYAN



TRESA VALENTON
tvalenton@matanglawin.org

Para sa kanila na nagdudulot sa atin ng moral na pagkabagabag.

(HINDI LANG) PARA SA MASA

Hindi tulad ng awit ng bandang The Eraserheads, ang kolum na ito ay hindi lamang "Para sa Masa", kundi para roon sa mga patuloy na nakikipagbuno sa mga hamon ng buhay sa kabila ng patuloy na pagpapasakit ng lipunan.

Para sa mga kontraktwal na manggagawa. Para sa kanila na pinakikinabangan ng malalaking institusyon kahit walang kasiguruhan sa pansariling kalusugan at ng mga pamilya, sakaling may mga biglaang pangangailangan. Silang mga nagtitiyagang mag-aplay ng trabaho ilang beses sa isang taon (dahil sa taning na anim na buwan kada empleyo) magkaroon lamang ng kakarampot at may-kaltas na panustos para sa kanilang pamilya. Ito ay para sa kanila na hindi maaaring bumuo o magkaroon ng unyong magbibigay-proteksyon sa mga karapatan nila bilang manggagawa. Silang pagbabantaan ang buhay sakaling magkaroon ng pagkakataong magpahayag ng hinaing. Parang photocopying ladies sa Ateneo.

Para sa mga babaeng sinamantala. Iyong mga inang ang tanging natatanggap ay pambubugbog at pang-aalila mula sa kanilang asawa. Tampulan ng panghihiya, mura, at pangmamaliit. Iyong mga tinakbuhan ng iresponsableng nobyong nais lamang ay makapanlamang. Iyong mga kumakapit sa patalim habang nagbebenta ng sariling laman. Iyong mga biktima ng human trafficking. Mga niloloko at ipinagpapalit para sa ibang babae. Mga babaeng ginahasa. Kababaihang hindi pinaboran para sa isang promosyon dahil may kalalakihan umanong mas karapat-dapat sa posisyon. Gaya ng nanay mo, ng ate mo, o ng matalik mong kaibigan.

Para sa mga batang hindi makapag-aral. Para sa kanila na nagdurusa mula sa sakit gaya ng kanser, polio, depresyon, retardasyong-mental at iba pa. Para sa mga batang hindi makatuon sa akademiks dahil kalaban ay kalam ng sikmura at kahirapan. Mga paslit na biktima ng sapilitang trabaho. Silang mga walang magawa kundi maging bahagi rin ng prostitusyon. Mga biktima ng pedophilia at incest. Para roon sa mga batang obheto ng pangmamaltrato, berbal man o hindi. Mga kabataang umaakyat sa jeep upang manlimos ng kaunting barya sa mga pasahero para panawid-gutom. Iyong mga batang hawak ng sindikato upang manghingi at, minsan, upang magnakaw. Para sa mga batang napipilitang gumawa ng krimen. Halimbawa'y mga batang nakikita mo sa mga sulok ng Kamaynilaan.

Para sa mga kasambahay na hindi nirerespeto. Para sa mga kasamang ilang buwan nang hindi binibigyan ng sahod. Para sa mga guwardiyang ni ngitian ay hindi magawa ng pinagsisilbihan. Para sa mga tsuper na hindi isinasabay ng kanilang amo sa pagkain, at sa mga kasamang tira-tirahan lamang ng amo ang kinakain. Para sa mga "Boy" na may alagang hayop na mas masarap pa sa kanila ang kinakain. Para sa mga "Yaya" na iniinsulto ng mga batang inaalagaan. Sa mga kasamang tinatrato na parang tau-tauhan. Gaya ng mga naninilbihan sa iyo.

Para sa mga magsasakang inaagawan ng lupain, lalo na iyong mga kapatid nating katutubo. Para sa kanilang nananatiling na ngang kakarampot ang kabuhayan, paaalisin pa sa lupang minana sa mga ninuno. Na kailangan pang maglunsad ng malawakang protesta upang bigyang-pansin ng mga awtoridad. Na patuloy na nabubuhay sa pananakot ng mga panginoong-maylupa. Para sa kanilang pinipilit patahimikin (sa anumang pamamaraan!). Para sa mga hinaing nilang hindi binibigyang-pansin. Sinubok mo na ba silang pakinggan?

Napakarami pang hindi naisama sa espasyong ito--sinasalamin ang higit na nakararaming Filipino na hindi nabibigyan ng karampatang pagtingin at pagtrato. Para sa mga hindi naaabot ng atensiyong medikal, mga nasalanta ng kalamidad, mga nagbebenta ng bato, biktima ng karumal-dumal na krimeng nananatiling laya ang maysala, mga aktibistang pinapatay, mga inosenteng nakadetena, mga biktima ng pangongotong, mga naisasantabing Lesbians, Gays, Bisexuals, Transgenders (LGBTs). Para sa kanila na nagpapatuloy sa laban ng buhay. Para sa mga kapatid nating nag-iiwan sa atin ng lamat sa baluti ng pagiging kampante at kawalang-pakialam.

OPINYON

TIRADA



PATRICK MANALO
pmanalo@matanglawin.org

Ang pagtatapos, na nangangahulugang naipasa natin ang lahat ng mga kurso at hindi nasayang ang pera ng ating mga magulang, ay isang regalong hindi humihingi ng ano mang kapalit.

TUNGKOL SA PAGTATAPOS

Enero pa lamang ay natanggap na agad ng isa kong kaibigan ang graduation gift niya mula sa kanyang mga magulang: isang 13-inch MacBook Pro. Pero alam kong hindi iyon ang gusto niya dahil sinabi niya sa isang tweet na iyong 15-inch ang nais niya. Makalipas ang isang buwan, nalaman ko, muli sa isang tweet, na gusto niya ng mga aksesori para sa kanyang DSLR bilang graduation gift. At parang gusto niya rin yata ng BlackBerry, iPad, iPhone 5, etc.

Mula naman sa Facebook, nabasa ko kamakailan lamang ang status ng isang kakilala (iba sa nabanggit sa itaas) na nagsasabing masaya raw siya dahil sa wakas ay may sarili na siyang kotse, matapos ang ilang taong pagmamaneho ng kotse ng kanyang "mom" at ilang buwang paggamit sa van ng kanyang "dad" papasok sa eskwelahan. Bukod siyempre sa maraming nag-like at iniisip marahil na "Wow you're so lucky!" o di kaya'y "I wish my parents were as generous as yours!" karamihan sa mga komento ay "roadtrip" at "yay movie galore!" na para bagang nagpapahiwatig ng maling paggamit sa regalong ibinigay (na hindi maaaring hindi pinaghirapan o paghihirapan) ng magulang. Kung ako ay isang magulang at bibigyan ko ng sariling kotse ang aking anak, ibibigay ko iyon hindi para gamitin niya sa paggimik lamang, kundi para sa pagpasok niya sa trabaho o eskwelahan. Kung sa bagay, marami naman yata sa mga Atenista ay hindi na kailangang magtrabaho para makabayad ng mga bayarin, o kung magtatrabaho man ay sa sariling mga magulang nila sa family business o company.

Lumaki ako sa pamilyang malaki ang pagpapahalaga sa edukasyon sa paniniwalang ito ang makapagbibigay sa amin ng tiyak na tagumpay. Kaya naman gayon na lamang ang pagsisikap kong makamit ang pinakamataas na marka sa eskwelahan. Mula preschool hanggang high school, nakuha ko ang pinakamataas na parangal tuwing pagtatapos. Ngayong kolehiyo, magtatapos ako bilang cum laude at nominado sa Departmental Award ng Kagawaran ng Agham Pampolitika. Ngunit sa kabila ng samu't saring parangal na iginawad sa akin sa eskwelahan magmula noong bata pa ako, ni minsan ay hindi ako nakatanggap ng ano mang marangyang regalo mula sa aking mga magulang. At nagpapasalamat akong hindi nila ako binigyan ng kahit na ano sa mga pagtatapos.

Para sa akin, ang pagtatapos ay isang okasyong hindi nangangailangan ng kahit na anong magarbong regalo mula sa mga magulang o malaki at marangyang pagdiriwang para sa nagtapos. Bagkus, isa itong pangyayari kung saan ang mga magulang ang siyang dapat pinararangalan (sa pagsuporta sa pag-aaral ng anak, kahit pa man hindi gusto ng anak ang kanyang kurso dahil si nanay o si tatay ang pumili nito) at siyang dapat nireregaluhan, ano pa man ang pagkatao nila. At ano ang pinakamaganda at pinakawalang-katumbas-ang-halagang bagay na maibibigay natin sa kanila? Diploma at/o medalya. Ang pagtatapos, na nangangahulugang naipasa natin ang lahat ng mga kurso at hindi nasayang ang pera ng ating mga magulang, ay isang regalong hindi humihingi ng ano mang kapalit.

Sa ganang akin, kung mayroon man akong nais na regalo para sa apat na taong paghihirap at pagsisikap sa kolehiyo, ako na mismo ang bibili para sa aking sarili, gamit ang perang naipon ko. Hindi ko matiis na abalahin pa ang aking mga magulang na ibili ako nito at noon para lamang masuklian ang lahat ng karangalang nakamit at ibinigay ko sa kanila, dahil alam kong matagal ko na silang inaabala, bukod pa sa realidad na malaki na ako.

Maliban na lamang kung talagang mapilit sila.

OPINYON

SINING GALING



JEUDI GARIBAY
jgaribay@matanglawin.org

Nananatiling isang malaking hamon na maitaguyod, mabigyang-identidad at mabigyang-direksyon ang nagmimistulang "Grayground" na sining-Filipino

ALANGANING SINING

P 46.9 million. Sa ganitong halaga naisubasta ang likhang pinamagatang "Grayground" ni Ronald Ventura, Filipinong alagad ng sining-biswal. Naganap ang pagbibili ng 60 pulgada x 155 pulgadang obra sa Sothebys, Hongkong nitong nakaraang Abril 4. Makikita sa likhang sining ang mga ikinakasal na kabayong palayo sa isa't isa. Mas mapuputi at mukhang malilinis ang mga nasa gawing kanan samantalang tila maiitim at mala-kalansay ang mga ang nasa gawing kaliwa. Sa pagitan ng dalawang grupo ng mga kabayo ang kung anu-anong imahe: asong tao, mga robot, iba't ibang bahagi ng katawan, at halu-halong mga dibuho ng kung anu-anong bagay. (Kaguluhan ang inilalarawan ng gitnang bahagi.) Para sa akin, ang obra ay waring nagpapakita ng sitwasyon ng sining sa ating bansa—nasa "Grayground", hindi gaanong napagtutuunan, at magulo/malabo pa ang papel nito sa ating bayan.

Tingnan muna natin ang mga pagtatangka ng iilang institusyon. Sa Ateneo, mayroon tayong Art Gallery na nagtatanghal ng mga modernong sining-biswal. Regular itong nagkakaroon ng exhibit ng permanent collection at pagtatanghal sa mga natatanging gawa ng partikular na alagad ng sining. Mayroon ding Ateneo Art Awards, handog ng Ateneo Art Gallery, para sa mga batang artist na may nagawang kontribusyon sa modernong sining sa Filipinas. Idagdag pa ang Fine Arts Program ng Ateneo. Iba't ibang disiplina ang kaloob nito gaya ng Information Design, Art Management, Theater Arts at Creative Writing. At nitong nakaraan lamang, nagkaroon ng Ateneo Art Auction upang makalikom ng pondo para sa 500 na bagong scholars. Masasabi kong talagang masugid ang Ateneo sa pagtataguyod ng sining subalit mapapansin na mas nakapokus ito sa modernong aspekto.

Ang ibang malalaking akademikong institusyon ay mayroon ding mga ganitong programa at imprakstruktura. May College of Fine Arts at Vargas Museum sa Unibersidad ng Pilipinas (UP). May sarili ring museo ang DeLa Salle University (DLSU). At dati na ring kilala ang programa ng Fine Arts sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST) dahil sa mga produkto nitong artists tulad ni Ramon Orlina.

Kaya para sa akin, malaki ang nagagawa ng mga institusyong nagbibigay-halaga sa mga sining na gawang Filipino. Kailangan kasi talaga ng maayos at pormal na edukasyon upang magkaroon ng porma o identidad ang sining ng Filipinas. Isang hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang pagkakaroon ng asignatura sa Music, Art, Physical Education, Health (MAPEH) sa mababa at mataas na paaralan. Naitayo rin ang Philippine High School for the Arts (PHSA) sa pakikipagtulungan ng Cultural Center of the Philippines (CCP) na nasa ilalim din National Commission for Culture and the Arts (NCCA) na siya ring kumikilala sa mga pambansang alagad ng sining.

Sa kabilang banda, mapapansin na parang kakaunti lamang ang naaabot ng mga programa at handog ng mga sining-institusyong tulad ng nasa itaas. Hindi gaanong "uso" ang pagkuha ng mga creative courses na nabanggit lalo na kung isasaalang-alang ang suweldo at kita. Dahil sa hirap ng buhay, mas praktikal na pag-aralin ng agham, matematika o kung anu-anong technical vocation courses. Isa pa, may kalabuan para sa ibang mga magulang na pag-aralin ng Fine Arts ang anak dahil minsa'y nakikita nilang mauuwi lamang sa isteryotipo na naghihirap na artist ang anak nila. Maliit lamang ang arena ng sining sa Filipinas pero napakahirap magkaroon ng pangalan, lalo na kung wala kang masyadong kilala at kung marami pang higit na mahusay na gawa kaysa sa iyong likha.

Kaya kadalasan, nagiging kurso ito ng nakaririwasa. Kadalasan, mayayaman lamang ang nagkakaroon ng ganitong oportunidad dahil sila ang may mas koneksyon sa lugar ng art exhibits, may kakayahang bumili ng mga libro at materyales para sa mga asignatura at/o pagsasanay sa sining. Bukod rito, kaunti lang din ang nakakapasa sa programang iskolarsip (tirahan at pang-araw-araw na panustos) ng PHSA. Kung masipag ka, pwede kang makahanap ng art scholarships subalit medyo madalang din ito. Tuloy, nasasayangan ako sa potensiyal ng mga nagnanais na pagyamanin ang sining sa bansa.

Sa huli, masasabi mang mahirap ang buhay ng artist lalo na kung freelance, itinuturing kong isang hamon ito para sa mga alagad ng sining. Nananatiling isang malaking hamon na maitaguyod, mabigyang-identidad at mabigyang-direksyon ang nagmimistulang "Grayground" na sining-Filipino .

TUPANG INA



SO, lumuwag ang school, napansin mo ba? Pero andito pa rin ako, kasi NEVER ako magagradweyt. BWAHAHAHA! MEH. Kung echoserang 'tenista ka, alam mo dapat ang mga ito, lalo na kung labs mo ang batch '11 ^_^!



exhibit a



exhibit b



exhibit c




exhibit d



BATCH 2011 signing off!






SA HARAP NG MAITIM NA KASAYSAYAN NG SANDATAHANG LAKAS, MAPAGTITIWALAAN PA RIN BA SILA?

Nagmula raw ang Sandatahang-lakas ng Pilipinas (AFP) mula sa lahi ng mga Katipunero. Katapangan at katapatan ang kanilang prinsipyo. Sa mga kagubatan, sa mga malalayong nayon at minsa'y sa puso mismo ng siyudad nila naipapamalas ang inakong tungkulin: Ang ipagtanggol ang mga mamamayan laban sa sinumang mananakop.

Buhay ang hinihinigi ng pagiging sundalo. Nariyan ang pribilehiyo ngunit nariyan din ang mga hirap at panganib na kanilang pinagdaraanan sa serbisyo. Minsan, kailangan nilang mapalayo sa pamilya upang magampanan ang trabaho. Para pa sa kanila, inaasahan na ang masugatan sa mga bakbakan. Sa ilan namang hindi pinalad na makabalik, tanging mga medalya, watawat at benepisyo ang matatanggap ng pamilya bilang konsuwelo.

Ipinamalas ito ni Colonel Jose Domingo Caparas Jr., ang Commanding Officer ng Presidential Escorts ng Presidential Security Group (PSG). Aniya, "Malaking hamon ang maging bantay ng pangulo sa araw-araw. Nasasakripisyo ang mga panahon na dapat ay nakakasama ko ang aking mga mahal sa buhay. Halos wala akong panahon para sa aking sarili, pero iyan ang tawag ng tungkulin. Maski saan



RANGALAN

nina Xavier Alvaran, Raph Limiac,
Tin Pascual at Dylan Valerio
mga kuha ni Dylan Valerio
lapat ni Jake Dolosa



man ako nadestino, halos ganiyan din ang mangyayari kasi una sa akin ang tungkuling paglingkuran ang bayan."

Gayumpaman, paulit-ulit nang nababalita ang tungkol sa pagiging madungis ng Sandatahang Lakas. Nakapanlulumo tuloy na ang kadakilaan ng militar ay naputikan ng pagkaganid ng iilan. Marami pa ring mga kaso ang militar tungkol sa karapatang pantao mula pa noong panahon ni Pangulong Gloria Arroyo. Nitong Enero naman, sunud-sunod ang mga akusasyon at pag-amin ng katiwalian.

Ito marahil ang dahilan kung bakit napalitan na ng AFP ang Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH) bilang pinakatiwali na ahensiya sa bansa sa huling sarbey na ginawa ng Pulse Asia. Natapatan na nga ba ng salapi at maruming pamumulitika ang karangalang ipinagmamalaki ng militar? Kailan ba nagsimulang masira ang imahen ng ating mga tagapagtanggol?

ANO NGA BA ANG SANDATAHANG-LAKAS?

Binuo ang sandatahang-lakas upang maipagtanggol ang teritoryo ng bansa laban sa mga tagalabas. Sa Filipinas, nariyan ang Sabah at ang mga isla ng Kalayaan sa Spratlys dahil inaangkin ito ng iba pang mga bansa. Malaki ring usapin ang pinakamatagal na rebelyon sa timog-silangang Asya, ang New People's Army (NPA) samantalang sa Mindanao, umiiral ang Moro Islamic Liberation Front (MILF). Kung gayon, mayroong mga bantang panlabas at panloob. Sa seguridad at kapayapaan sa panloob, pulis ang dapat asahan.

Isa itong problema, ayon kay Dr. Jennifer Oreta, isang propesor ng Kagawaran ng Agham-Politika ng Pamantasang Ateneo. Aniya, "Kung inilagay mo sila [militar] para sa mga bantang panloob at ganoon ang pagsasanay nila, may problema kasi [dahil] ang kalaban ay ordinaryong Filipino, na salungat sa namamayaning ideolohiya ng gobyerno. Kaya doon nagkakaroon ng maraming human rights abuse, kapag nariyan ang sandatahang-lakas na ganoon pa rin ang kultura."

Karaniwang abuso sa karapatang pantao ang mga lumalalang kaso ng mga desaparecido, o ang di na mahanap na mga indibidwal. Hanggang ngayon, maraming pamilya ang walang balita tungkol sa kanilang mga naglahong kamag-anak. Ayon sa grupong Families of Victims of Involuntary Disappearance, umabot na sa 1, 791 ang kaso ng mga desaparecido noong 2010. Pinakamarami ang mga ito sa panahon ng dating pangulong Marcos (860) na sinusundan ng panahon ni dating pangulong Corazon Aquino (821) at dating pangulong Arroyo (306). Ang ikalawang karaniwang abuso ay ang mga extra-judicial killings. Mga mamamahayag, manunulat, aktibista at mga intelektuwal ang karaniwang target nito na siyang sumasalamin sa marahas na represyong umiiral sa bansa.

Kilala si retiradong Maj. Gen. Jovito Palparan sa mga alegasyon ng pagdakip at pagpatay ng mga sibilyang binansagang mga kaaway ng estado. Tinatawag na "berdugo" ng mga aktibista, si Palparan ang sinisisi sa ilang daang kaso ng paglabag ng karapatang pantao sa iba't ibang bahagi ng bansa. Dagdag pa ni Oreta, "Pinakamataas ang mga disappearances noong panahon ni Arroyo. Si Palparan, imbis na kasuhan at imbestigahan, pinuri pa noong SONA."

Masasabi tuloy na maaaring malabag ang ilang karapatang pantao kung tradisyunal na konsepto lamang ng pagiging sundalo ang pagbabatayan para sa pagpapanatili ng kapayapaan sa loob ng bansa. Panandaliang solusyon lamang ito hanggang sa makayanan ito ng kapulisan. Ngunit, ayon kay Oreta, wala namang karagdagang polisiyang magbibigay-lakas sa kapulisan. Kaya naman, naging tila permanente na ang pagpasok ng militar. Lumaki kung gayon ang papel ng militar. Kailangan na ng higit pang pera. Tulad ng mga kaso ng karapatang pantao, hindi rin mabuti ang naging kasaysayan ng lohistika at mga transaksyon ng militar.

PERA PARA SA PAGBABAGO

Tulad ng iba pang ahensya ng pamahalaan, pinapaigting ng sandatahang-lakas ang sarili bagaman limitado ang kanilang badyet. Kailangan nilang magbago dahil

nagbago na ang mga banta sa seguridad. Ito ay ayon kay Dr. Clarita Carlos, isang propesor sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman at kasalukuyang Presidente ng Center for Asia Pacific Studies, Inc.

Isang malaking biyaya kung gayon ang pagbibigay prayoridad sa militar ni Pangulong Benigno Aquino III sa kanyang SONA. Kung ibabatay pa sa inaprubahang badyet, pangatlo ang Tanggulang Pambansa (DND) sa may pinakamalaking alokasyon ng kaban ng bayan, sa halagang P104.7 bilyon.

Ibinahagi ni Colonel Arnulfo Burgos Jr. ng Public Affairs Office ng AFP ang ilan sa mga benepisyong natatanggap ng isang sundalo. Ilan sa mga ito ang iba't ibang allowances depende sa ginagampanang trabaho (hal. sea duty pay), pabahay sa loob o labas ng base, tulong pang-medikal at mga iskolarsip para sa mga naulilang pamilya.

Malaking tulong rin daw ang modernisasyong balak ng administrasyong Aquino. Ayon kay Burgos, "Malaking pera ang gugugulin sa mga programang ito. Sa modernization program, ito iyong pagbili ng long-range patrol vessels sa Navy, communications equipment sa Army, night fighting system sa Army, [at] acquisition ng mga attack helicopters." Importante raw ito, halimbawa sa Spratlys, kung saan dapat ipagtanggol ang mga likas na yamang bahagi ng Pilipinas.

Ngunit para kina Carlos at Oreta, kulang pa rin sa kagamitan ang sandatahang-lakas. Ayon kay Oreta, "Darating ang panahon na ang karamihan ng badyet ay nakapasok lang sa retirement. Mas maliit [kung gayon] ang badyet para sa operating costs." Ayon ito sa batas para maprotektahan ang mga opisyal ng militar.

Maganda ang intensyon ngunit hindi malayong mabahala, dahil sa diumano'y katiwalian sa AFP na naisisiwalat sa Senado. Malabong mabili ng ordinaryong sahod ng sundalo ang malalaking bahay at magagarang kotse ng mga iniimbestigahan sa Senado.

NAGLOLOKOHAN?

Noong panahon pa nina dating Pangulong Ferdinand Marcos at Cory Aquino makikita ang mga problema ng militar. Lalo pang umigting ang mga alegasyon noong panahon ni Arroyo nang pinabayaan ng pamahalaan ang mga lantarang anomalya sa militar.

Kuwestyonable ayon sa konstitusyon ang pagkaluklok sa puwesto ni Arroyo. Ayon kay Oreta, "Umasa siya [Arroyo] sa militar – simbolo sila ng awtoridad. Kaya naman iyong mga kwestyonableng kalakaran sa military, hinayaan niya [Arroyo]. Sina Rabusa at Garcia, ay talagang nagipon ng yaman noon. Hindi talaga ito kasi pinag-aralan noon."

Naging popular uli sa taumbayan ang usapin ng katiwalian sa AFP nang pinagbigyan sa isang plea-bargaining agreement si dating comptroller Carlos Garcia. Mula sa diumano'y P300 milyong naibulsa niya at ng kaniyang pamilya, makakalaya siya nang may higit na magagaang kaso at kung maibabalik sa gobyerno ang P135 milyon. Maraming grupo at mga ahensya ang umalma, tulad ng Office of the Solicitor General, Department of Justice at ang Senate Blue Ribbon Committee. Nagsimula ang mga alegasyon tungkol sa awtoridad ng Office of the Special Prosecutor at ng Ombudsman, na dati nang may malansang imahen sa paglilitis sa mga heneral. Inako ng Senate Blue Ribbon Committee ang imbestigasyon sa naturang kaso, at sa mas malalawak na isyu ng pangungurakot sa AFP. Isa-isa nitong inimbitahan ang mga heneral, koronel at mga sibilyang kasangkot sa maanomalyang sistema ng transaksyon sa AFP.

Habang nagbabangayan sa mga mga komplikasyon ng batas at katiwalian, humarap sina Heidi Mendoza, dating accountant ng Commission on Audit (COA) sa Senado upang talakayin ang mga maanomalyang transaksyon nadiskubre niya noong panahon ni Garcia. Siya ang namuno noong 2004-2006 sa isang grupo ng mga awditor na mag-iimbestiga tungkol sa mga iregularidad ng detention fund, UN reimburesement fund, Balikatan fund, at AFP modernization fund .

Umamin rin si Col. George Rabusa, dating budget officer ng AFP (J6), sa mga maanomalyang transaksyon at mga pabaon ng AFP. Matagal nang nahaharap si Rabusa kasama sa kaso ni Garcia, ngunit kamakailan lamang siya umamin sa milyun-milyong transaksyon na inabot niya sa iba't ibang tao at ahensiya. Nakinabang rin siya sa ganitong proseso kasama diumano nina Gen. Angelo Reyes, Gen. Jacinto Ligot, Col. Antonio Lim, Brig. Gen. Benito de Leon, Gen. Roy Cimatu, Gen. Diomedio Villanueva, Col. Tomas Donato at marami pang iba. Sa isang artikulo ng Newsbreak noong Enero 28, 2011, makikita ang 17 bank account na nakapangalan sa kanya at sa kanyang asawa. Bagaman sa isang taon, nakatatanggap lamang ng P275,000 sahod si Rabusa, tinataya sa mga imbestigasyon na nagmamay-ari siya ng P43 milyong halaga ng ari-arian at mga sasakyan.

Nakapanlulumo na ang ganitong kalakaran ay nagpapatuloy hanggang sa buong sandatahang-lakas. Mayroong parte ang mga awditor, mga opisyal ng iba't ibang komite, mga komander at maging ang mga tagadala mismo ng salapi.

Sa gana naman ng mga komander sa mga pook ng laban, idinahilan nila ang mga pangangailangan ng kanilang pulutong. Nakisama sila sa proseso ng "conversion", o ang pagpapalit ng kagamitan. Buhat ng layo ng mga papeles mula sa mga heneral at sa mga totoong nangyayari sa pook ng laban, diumano'y isinasaalang-alang lang ng mga komander ang kanilang mga sundalo. Minsan, mabuti ito sa mga operasyon, ngunit kadalasan, naisasantabi ang mga mas mahalagang prayoridad, upang makakuha ang ilan ng suporta ng mga padrino sa itaas. Dito pumapasok ang mga maanomalyang transaksyon. Mahirap itong masiyasat sapagkat madalas, wala itong resibo o ano mang pruweba. Idagdag pa rito ang kultura ng hindi pagtatanong ng mga sundalo, at lalo yayabong ang katiwalian.

Sa isang artikulo ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ) tungkol sa kultura ng katiwalian, natumbok ni Brig. General Benito de Leon, puno ng AFP Management and Fiscal Office ang punto, nang sinabi niya na nagkakaroon

ISANG MAGANDANG PAGKAKATAON ANG BINUKSAN [NG MGA IMBESTIGASYON SA SENADO] PARA MAITUWID ANG BALUKTOT NA PAGPAPALAKAD SA AFP AT MARAMI ANG NATUTUWA SA NANGYARI SUBALIT SANA AY LIMITAHAN ANG PAGTATANONG SA MGA BAGAY NA MAAARING LAMANG MAGTUWID SA NAKITANG TALIWAS SA KAAYUSAN AT HUWAG NG GUMAMIT NG MAPANLALAIT NA PANANALITA NA MAAARING MAGPAIGTING NG DAMDAMIN NG ILAN.

— COLONEL JOSE DOMINGO CAPARAS JR., PSG

na ng mga baluktot na paniniwala tungkol sa mabuting pamamalakad ng gobyerno. "Naglolokohan lang pala tayo", aniya.

HINDI TIWALI

Tunay ngang hindi na natigil ang mga kaso tungkol sa militar. Isang maitim na bahid na ang itinatak nito sa kasaysayan ng Filipinas. Gayumpaman, naniniwala pa rin ang iilan sa kakayahan nitong magbago para sa lipunang ipinagtatanggol nito. Malaki na diumano ang isinisagawang pagbabago ng mga opisyales ng militar.

Kuwento ni Burgos, "Nagkaroon dati ng Oakwood Mutiny. Kitang-kita niyo naman ang kanilang mga hinaing. Dahil doon, nagkaroon tayo noong 2005 ng Feliciano Commission para magawan ng paraan ang mga hinaing noong Oakwood Mutiny. Kaya noong 2005, nagsimula na kaming magtaguyod ng reporma." Ibinahagi niya ang pagkakaroon ng mga sistema upang mas maging mainam ang lohistika ng sahod, pasilidad at kagamitan ng mga sundalo. Pagtutuloy niya, "Wala na kayong maririnig tungkol sa combat boots na sira."

Tuluyan na ring binuwag ang siyang tinaguriang ugat ng pangungurakot, ang J6 o ang Office of the Deputy Chief of Staff Comptrollership noong 2005. Ayon kay Burgos, ginawa nang apat na opisina ang may hawak sa usapin ng pera at lohistika. Dagdag pa ni Oreta, "Bagaman hindi nito tiyak na magagapi ang katiwalian, maiibsan naman nito ang problema ng katiwalian."*

Inaaral ng Senado ang mga posibleng batas upang maibsan ang katiwalian. Ayon nga kay Caparas, "Isang magandang pagkakataon ang binuksan [ng mga imbestigasyon sa Senado] para maituwid ang baluktot na pagpapalakad sa AFP at marami ang natutuwa sa nangyari subalit sana ay limitahan ang pagtatanong sa mga bagay na maaaring lamang magtuwid sa nakitang taliwas sa kaayusan at huwag ng gumamit ng mapanlalait na pananalita na maaaring magpaigting ng damdamin ng ilan."

IPAKITA MULI ANG KABAYANIHAN

Ayon kay Burgos, masyadong nabibigyang-pokus ang mga isyung matagal nang nabigyang ng solusyon ng AFP. Aniya, "Masakit para sa mga sundalo, lalung-lalo na 'yung karamihan kasi isinagawa ang sarbey [ng Pulse Asia] ngayong may mga imbestigasyon sa Senado."

Dagdag pa ni Oreta ang inilunsad na Internal Peace and Security Program (IPSP) o ang Bayanihan noong nakaraang Enero. Ito ay isang balangkas para sa mga gawain ng militar tungo sa pagbabago. Ayon kay Oreta, "Iba ito sa Bantay-Laya na marami nang nagawang human rights violation. Itong IPSP, kinikilala na may mismatch sa training at sa assignment nila. Kung gayon, ang nakalagay ngayon dito ay kailangan natin [AFP] ng tulong ng mga sibilyan. Kinikilala ng programang ito na hindi kaya ng militar ayusin ang lahat ng problema nito nang magisa. Kailangan isama ang gobyerno at taumbayan."



PARA SA AKIN NAMAN, MATAGAL NA AKONG SUMISIGAW MULA SA LABAS NG INSTITUSYON. KAILANGANG MAGBAGO ANG MILITAR AT ANG GOBYERNO. NGUNIT KAUNTI LANG ANG MAGAGAWA MULA SA LABAS. KAPAG MAY ESPASYO, PAPASOK AKO DOON, AT SUSUBUKAN KONG BAGUHIN MULA ROON.

-JENNIFER ORETA, ADMU POL SCI

Dagdag pa ni Oreta, "Para sa akin naman, matagal na akong sumisigaw mula sa labas ng institusyon. Kailangang magbago ang militar at ang gobyerno. Ngunit kaunti lang ang magagawa mula sa labas. Kapag may espasyo, papasok ako doon, at susubukan kong baguhin mula roon."

Ibinahagi naman ni Burgos na nakaayon ang Bayanihan sa "whole-of-nation approach" at "people-centered peace". Aniya, "Kailangang masama ang mga mamamayan dahil tayo rin ang makikinabang." Sinusubukan ng whole-of-nation approach ang mga ambag ng taumbayan at ng gobyerno sa mga hakbang ng militar samantalang respeto naman sa karapatang pantao ang binabandila ng people-centered peace. Mga halimbawa nito ang mga konsultasyon kasama ng mga NGO at mga dalubhasa gaya nina Oreta at Carlos.

Bunga ng mga konsultasyong ito ang komprehensibong libro ng militar ukol sa pangangalaga ng karapatang pantao. Tumulong dito ang CHR, mga lokal at internasyonal na NGO upang mabigyan ng lunas ang mga alegasyon ukol sa mga desaparecido at extra-judicial killings. Ayon kay Burgos, "Hindi matatakasan ng militar ang mga kaso nito ngunit sa pamamagitan nito [libro], mabibigyang-kaalaman na ang mga sundalo tungkol sa karapatang pantao. Kasi kung minsan, hindi lang alam ng sundalo kung ano'ng gagawin."

Alam man o hindi ng mga miyembro ng militar kung paano harapin ang isyu ng karapatang pantao at maging ang mga kultura ng katiwalian, nararapat pa na hindi tumigil ang taumbayan sa paghihimok ng pagbabago at hustisya. Nasa media man o hindi ang pagmamalabis, nararapat pa ring tutukan ang bawat kasong walang kasagutan. Gayong mapanganib makilahok sa mga elemento ng sandatahang-lakas, higit na mapanganib pabayaan ang mga punla ng katiwalian at ng pang-aabuso.

Pagsisiguro ni Burgos tungkol sa katiwalian, "Nagsimula na kami noong 2005 ng mga reporma, at hindi kami titigil hanggang magampanan namin ang aming misyon... Makaseseguro kayong nagagamit sa tamang pamamaraan ang kaban ng bayan."

Ayon naman kay Oreta, "Mahirap para sa mga miyembro ng civil society tulad namin ang mag-udyok ng malalaking pagbabago nang mag-isa. Kailangan kung gayon ng tulak mula sa civil society groups. Kung talagang pinaninindigan niyo [militar] ang human rights, patunayan niyo at tutulungan namin kayo."



ANG TINAKBO NA NG HUKBO

Matatandaan na matingkad sa panahon ni Marcos ang lantarang pakikilahok ng militar sa pamahalaan. Nagsimula siya sa paghirang ng mga kababayan at malalapit na kaibigan sa matataas ng katungkulan sa Sandatahang Lakas. Nagkaroon ng Rolex 12, na mga pinakamalapit na crony ni Marcos, kung saan 10 ay mga heneral mula sa iba't ibang sangay ng sandatahang-lakas. Isa sa mga ito si Fabian Ver, ang kanyang Chief of Staff noong panahon ng kanyang diktadurya.

Saksi sa panahon ni Marcos ang pag-aabuso ng kapangyarihan sa pamamagitan ng paggamit ng militar. Bilang pag-aalsa, nabuo ang Reform the Armed Forces Movement (RAM), sa pamumuno ni Gregorio Honasan, dahil sa kagustuhan ng mga junior officers na baguhin ang sistema ng paggamit ni Marcos sa militar. Sinubukan nilang ibalik ang tanawin at tungkulin ng sandatahang-lakas, ang magtanggol sa mamamayan at hindi maging sugo ng katiwalian at pang-aabuso. Isa lamang ito sa maraming pag-aaklas ng mga mamamayan. Bilang tugon ay idineklara ni Marcos ang Batas Militar, kung saan lalong naging bida ang militar.

Sa panahon ni Marcos makikita ang pagkamalapit ng militar sa pamahalaan. Kung anuman ang tatahakin ng gobyerno ni Marcos, tiyak naroon rin ang militar. Umiral ang ideyang maaaring gampanan ng mga heneral ang mga sibilyang puwesto sa pamahalaan. Maski sa kasalukuyan, makikita ito. Isang halimbawa si Angelo Reyes, na dating heneral ng Sandatahang Lakas at dating Kalihim sa Kagawaran ng Enerhiya (DOE).

Sa pagbabalik-tanaw naman sa panunungkulan ni dating pangulong Aquino, makikita ang malawakang pagbago ng militar. Inalis ang matatandang heneral na lampas na sa edad ng panunungkulan. Binuwag ang Philippine Constabulary. Ibinalik sa mga sibilyan ang mga puwesto sa gobyerno. Gayumpaman, nagkaroon pa rin ng sigalot. Hindi naging malapit si Aquino sa militar at nagkaroon pa ng mga pag-aalsa ang RAM noong panahon niya. Giit ng RAM noon, higit pang nasira ang militar sa pag-upo ni Aquino sa puwesto. Hindi naayos ang tungkulin ng mga sundalo sa pamahalaan at naging politiko pa ang ilang matataas na tao sa militar. Humantong ito sa sunod-sunod ng mga kudeta. Kaya naman, kinailangan ni Aquino na maging malapit sa iilang heneral para sa ikatitiwasay ng republika.

Mahaba at matinik na daan — ganito nga maituturing ang proseso ng pagsisiyasat ng mga kinauukulan sa mga nangingibabaw na usapin sa Hukbong Sandatahan ng Pilipinas (AFP). Kapuna-punang halimbawa ng kawalan ng sapat na pagkilos ng pamahalaan ukol sa mga kontrobersiyang ito ang mabagal na proseso ng hustisya sa kaso ng dating comptroller nitong si Carlos Garcia. Dinaanan na nito ang termino ng dalawang ombudsman na sina Simeon Marcelo, na siyang nagbukas ng usaping ito, at Merceditas Gutierrez, kasalukuyang ombudsman at nahaharap naman ngayon sa kasong impeachment dahil sa alegasiyon ng kakulangan sa kakayahan at mga hindi mabigyang-linaw na kaso.
Bilang mandato ng Konstitusyon upang ipagtanggol ang kapakanan ng mamamayan laban sa katiwalaan sa gobyerno, inaasahan ang masusing pakikisangkot ng tanggapan ng ombudsman sa mga isyu ng korupsiyon sa loob ng AFP. Ngunit sa nakaraang mga taon, hindi pa rin natutuldukan ang maraming isyu dahil sa mga plea bargain at hindi mabisang pagsisiyasat sa kabilang panig.
Ayon sa ulat ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ), isa na ngang karaniwang kalakaran sa AFP ang kaliwa't kanang katiwalian gaano man kalaki ang mga ito. Ang mga isyung ito ang dapat na tutukan ng ombudsman lalo na't pera ng sambayanan ang Sa pagbukas pa lamang ng ika-21 siglo, marami nang kasong may kinalaman sa pananalapi ang hindi naaaksiyunan:

NAKABINBIN SA OMBUDSMAN

- Lumalabas sa ulat ng Commission on Audit (COA) na pito sa siyam na kontratang nagkakahalaga ng P1.96 bilyon para sa AFP Modernization Act Trust Fund na ipinagkaloob mula 2003 hanggang 2006 ang walang kaukulang delivery receipts.
- P7.06 milyong halaga ng cash advances ang hindi nabigyang-paliwanag sa pagtatapos ng taong 2008 sa AFP.

PITIK PUTAK

PAGUNLAD? PANAKIP-BUTAS? PARA KANINO?

NINA ROBERT ALFIE PEÑA AT HANSLEY JULIANO
KUHA NI GERALD PASCUA
LAPAT NI JAKE DOLOSA

PAGTANAW UKOL SA MGA POSIBLENG EPEKTO SA EKONOMIYA AT POLITIKA NG POLISIYA SA PUBLIC-PRIVATE PARTNERSHIPS (PPP) NG PAMAHALAANG AQUINO, BATAY SA KARANASAN NG PRIBATISASYON SA BANSA

Kasabihan nating mga Filipino ang mga katagang "naghahanap ng kagitna, sansalop ang nawala." May pagkakataong nagnanais tayong makuha ang ilang mga bagay, sa puntong kaya nating isakripisyo ang mga bagay na mas mahahalaga. At kadalasan, ang mga pagkakamaling ito ay hindi lamang nakasasama sa ating mga sariling pagpapasiya, kundi lalo pa sa mga taong nakapalibot sa atin o maging ang hindi natin kilala.

Maaaring sabihing akmang-akma ito sa mga isyu ng ekonomiya at pananalapi, lalo't kaakibat lagi ng mga usaping sosyo-ekonomiko ang palitan ng mga danyos o yaman ng mga komunidad. Para sa isang bansa, hindi maikakailang malaking usapin kung saan dapat mamuhunan. Marka ng pinag-isipang pamamahala na maglaan ang mga pamayanan at pinuno para sa ikauunlad at ikatitiwasay ng kanilang pamumuhay. Magdudulot ng maraming perwisyo ang isang munting pagkakamali sa mga pasya ukol sa ekonomiya, hindi lamang sa kakayahan ng pamahalaan at estado gampanan ang kaniyang tungkulin, kundi lalo sa kakayahan ng mga mamamayan na suportahan ang kanilang pamumuhay.

Sa unang State of the Nation Address (SONA) ng Pangulong Benigno "Noynoy" Aquino III noong taong 2010, natanghal ang posibilidad ng mga public-private partnerships (PPP) bilang isa sa mga panibagong pamamaraan ng pamahalaan tungo sa pagsasalba at pagsasaayos ng kabang-yaman nito. Dala ng maraming palpak, di-maayos at paluging proyekto ng mga nakaraang administrasyon, naiwan ang pangkalahatang pananalapi ng bansa na hikahos at di-sapat upang matustusan ang mga programa ng pamahalaan at pagbibigay ng mga serbisyong panlipunan sa lahat. Ani Pangulong Aquino, ang mga proyektong isasagawa sa ilalim ng PPP ang siyang magbibigay ng panibagong pagkakakitaan ng pamahalaan, at magtitiyak na ang mga pangunahing serbisyo ay makakarating sa mas nakararaming mga mamamayan.

Sa kabila nito, tila hindi ganoon kadali ang pagkamit sa mga ipinapangakong posibilidad ng mga PPP. Malinaw na ang intensiyon ng mga naturang proyekto ay tungo sa pagsasaayos at pagpapayabong ng kabang-yaman ng estado. Ngunit hindi maikakailang maaaring muli itong umasa sa limitado't de-kahong kakayahan ng pribadong sektor sa pagpapalago ng piling kalipunan at pangkat ng mga tao.

Hindi maaaring itanggi na ang pagsasagawa ng mga PPP ay hindi pa rin lubusang nalalayo sa matagal nang mga proyekto tungo sa pribatisasyon ng mga nakaraang rehimen (mula pa noong panahon ni dating Pangulong Corazon Aquino). Dulot nito, hindi maiaalis ang mga pangamba na magbunga lamang ito ng higit na yaman sa mga kinontratang pribadong kompanya at hindi nakapagsulong ng pagunlad para sa buong bansa.

Hindi kataka-taka na pagtuunan ng administrasyong Aquino ang pagsusulong ng mga PPP upang diumano'y muling mapalago ang mga industriyang kinakailangan ng mga mamamayan. Batay na rin sa programa ng kasalukuyang pamunuan, malaki ang ibinibigay na pagpapahalaga sa pagpapalago ng kita ng mga kompanyang naglagak ng pondo para dito. Sa kabila nito, kinakailangan rin matyagan ng taumbayan kung ang pagkilos at pagpapatakbo ng mga PPP ay patungo talaga sa ikauunlad ng pambansang ekonomiya. Kung ito'y kinalimutan, lalago lamang uli ang mga pribado at pinaborang interes.

BINIGKIS NG PANGANGAILANGAN

Kung tutuusin, bahagi ng anumang maayos na polisiyang ekonomiko ang pagtambisin ang mga kilos at layunin ng pampubliko at pribadong sektor. May mga pangangailangan ang pribadong sektor na maaari lamang matugunan ng pagsuporta ng estado sa mga pinagkukunang yaman, at mayroon ding mga pangangailangan ang estado na tanging mga pribadong

pagawaan ang nakagagawa. Nasa pagbabalanse ng mga interes at pangangailangang ito maaaring sabihin kung malakas at nakakabuti sa lahat ba ang takbo ng ekonomiya, o umiikot lamang ang nabubuong yaman sa iilang mga indibidwal .

Masasabing sa ganitong lohika nagbubuhat ang pagsasagawa ng mga PPP: upang protektahan at pagtibayin ang interes ng buong sistemang ekonomiko at pananalapi ng isang bansa. Sa pagpapaliwanag ni Eleazar E. Ricote, Direktor IV ng Public-Private Partnership Center,ang ahensiya ng gobyerno na nag-kokoordina sa mga proyekto sa ng PPP, iba't ibang ang maaaring pormang buuin ng isang PPP.

Ayon sa isang papel ni Ricote, mayroong tatlong kabanata ng PPP sa Filipinas. Pagkatapos ng Unang Lakas-Sambayanan sa EDSA noong 1986, sinubukang tanggalin sa poder ng gobyerno ni dating Pangulong Corazon Aquino ang mga hindi kumikitang kompanyang pagmamay-ari at nasa kontrol nito (GOCCs). Isinailalim ang 327 naluluging kompanya sa pribatisasyon. Ito ang unang kabanata ng pag-iral ng PPP. Hanggang sa kasalukuyan, nagpapatuloy pa rin ang naunang pormang ito ng PPP. Ayon pa kay Ricote, noong 2001, 78 GOCCs ang buo nang naisapribado samantalang 29 ang bahagya pa lang ang hawak ng pribado, at 27 ang natitirang nakabinbing isalin sa pribadong sektor.

Tinatayang P193.2 bilyon ang kabuuang kita ng gobyerno mula sa pagsasapribado ng mga GOCCs noong 2001. P178.52 bilyon nito ang nakuha sa ilalim ng panunugkulan ni dating pangulong Ramos, P4.7 bilyon ang sa ilalim ni Estrada, at P594 milyon sa ilalim ni Arroyo.

Nagkaroon ng kakulangan sa suplay ng kuryente noong panahon ni Ramos. Dito pumasok ang gobyerno sa mga tinatawag na power purchasing agreements (PPA). Ipinasa noong Hulyo 1990 ang Batas Pambansa 6957 o ang Build-Operate-Transfer (BOT) Law upang alalayan ang pagpasok ng pribadong sektor sa industriyang tradisyonal na hawak ng gobyerno. Sa ginawang ito, epektibong tinanggalan ng monopolyo ang National Power Corporation (NAPOCOR), na kasalukuyang baon pa rin sa utang, sa pamamagitan ng pangongontrata ng mga pribadong kompanya ng koryente. Ito ang itinuturing na ikalawang kabanata ng PPP sa bansa.

Ibinunga naman ang ikatlong kabanata ng pagkakapasa ng Batas Pambansa 7718 o mas kilala bilang Amended BOT Law noong Mayo 1994. Si dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang may-akda ng batas na ito noong senador pa siya. Malaki ang nagawa ng batas na ito para mas buksan ang ilan pang serbisyo, imprastruktura, at industriya sa pribadong pamumuhunan at pangasiwaan. Pinalawak ang sakop ng depinisyon ng imprastruktura mula sa transportasyon hanggang sa iba pang proyekto ng pag-unlad tulad ng patubig, kalusugan, edukasyon, pabahay, at information at communication technology.

Makikita ang iba't ibang mekanismo ng PPP sa Amended BOT Law. Bukod sa BOT, nariyan na rin ang Build-and-Transfer, Build-Operate-Own, Build-Lease-and-Transfer, Build-Transfer-and -Operate, at iba pa.

Maraming dahilan kung bakit nagtutulak ang gobyerno ng PPP. Ayon nga kay Fernando T. Aldaba, Ph.D., propesor sa Kagawaran ng Ekonomiks ng Ateneo, nariyan palagi ang palagay na mas episyente ang pribadong sektor samantalang ang gobyerno naman ay hitik sa burokrasya at mga alegasyon ng katiwalian. Pangunahin sa mga dahilan ng gobyerno ang kawalan ng pondo para sa mga kinakailangang imprastruktura ng isang papaunlad na bansa tulad ng Filipinas.

Upang maganyak naman ang mga pribadong mamumuhunan na pumasok sa mga proyekto ng PPP, naghahain ang gobyerno ng mga insentibo. Sabi nga ni. Aldaba, "Wala namang siraulong private sector na papasok doon kung hindi kikita, 'di ba?" Kailangang maibalik ang puhunan ng pribadong sektor kasama ang karagdagang kita. Ginagarantiya ng gobyerno ang rasonableng kita ng pribadong sektor. Ayon pa sa Amended BOT Law, kailangang hindi humigit sa 12% ang kikitain ng pribadong sektor. Ayon naman kay Ricote, kabilang din sa mga insentibo na ibinibigay sa pribadong sektor ang pagkakaroon ng tax holiday para sa mga pasimulang taon. Para rin sa mga pasimulang proyekto, walang buwis sa pag-aangkat ng mga kinakailangan sa konstruksiyon.

ANG TINGIN NATIN, LAHAT NG PUBLIC SERVICES, DAPAT LIBRENG IBINIBIGAY NG GOBYERNO. ... HINDI KAYANG IBIGAY NG GOBYERNO LAHAT IYON. ... ANG DAPAT GAWIN NG GOBYERNO, KASI MERON NAMANG PRIBADONG SEKTOR NA HANDANG MAMUHUNAN, AY BANTAYAN ANG MGA ITO PARA HINDI SOBRA- SOBRA ANG KITA NILA.

— ELEAZAR E. RICOTE, DIREKTOR IV, PPP CENTER

Ayon pa kay Dr. Aldaba, malaking tulong talaga ang PPP lalo na kung magagawa ito nang maayos ng gobyerno. "Kahit gaano kagaling 'yang BIR at Customs, hindi pa rin [kaya]. 'Yong pangangailangan sa imprastraktura kasi ng developing countries, tulad ng Filipinas, ang laki. Kahit 'yong GDP level natin, tanggalin mo na 'yong katiwalian, kulang pa rin."

Para naman kay Ricote, hindi lahat ng serbisyo ng gobyerno ay dapat na libreng ibigay: "Ang tingin natin, lahat ng public services, dapat libreng ibinibigay ng gobyerno. Hindi rin naman tama iyon. Hindi kayang ibigay ng gobyerno lahat iyon. Most of the services we get from the government should have a corresponding fee or weight. Ang dapat gawin ng gobyerno, kasi meron namang pribadong sektor na handang mamuhunan, ay bantayan ang mga ito para hindi sobra- sobra ang kita nila."

PROBLEMATIKONG KARANASAN

Sa kabila ng mga nabanggit na potensiya ng pagkakaroon ng mga PPP upang muling maibangon ang ekonomiya at pananalapi ng bansa, hindi maikakaila na naging pangit ang karanasan ng Filipinas sa pribatisasyon. Hindi biro ang malalaking gastos na inabot ng mga proyektong isinagawa ng pamahalaan kasama ng iba't ibang kompanya, na nasayang lamang o kung hindi man ay hindi lubusang napakinabangan.

Sa pamamahala ng mga pangulo

pagkatapos ng diktadura ni Ferdinand Marcos, dumalas ang pribatisasyon ng maraming mga kompanyang tumutugon sa mga pangunahing pangangailangan ng pampublikong sektor. (Tingnan ang sidebar.) Nakita sa mga pagkakataong ito kung papaanong posibleng magdulot ang pagpapaubaya ng mga serbisyong panlipunan sa mga pribadong kompanya ay nakasasama at nagpapahirap sa mga mamamayan.

Karamihan sa mga kompanyang isinapribado ay datihan namang mga pribadong kompanya nguni't tahasang kinamkam ng estado noong panahon ng diktadura ni Marcos. Isang halimbawa ang Manila Eletric Company (Meralco) na pag-aari ng pamilya Lopez, na ibinalik sa kanila sa termino ni Cory Aquino. Bagaman pinangatuwiranan ang pagbabalik ng Meralco bilang pagsasauli lamang ng ninakaw na pag-aaring pribado, hindi rin maikakaila na nagtaasang bigla ang presyo ng kuryente sa mga lugar sa Metro Manila at karatig-lalawigan na umaasa sa Meralco, gayong ni hindi rin naging maayos ang serbisyo nito. Naging kasagsagan ng mga blackout ang mga unang taon ng dekada '90, at madalas na nasisi ang Meralco mga kakulangang ito.

Sa pagsasapribado ng mga kompanyang nagdudulot ng mga pangunahing pangagailangan tulad ng Meralco, hindi maiiwasang unahin ng mga nagpapatakbo dito ang kita kaysa sa maayos, mabilis at abot-kayang serbisyo sa mamamayan. Sa pagsusuri ng akademikong si Walden Bello sa aklat na The Anti-Development State, nasaksihan natin kung papaanong mabilis na nagtaas ang presyo ng tubig ng mahigit 425% noong 2003 dala ng maling paghawak at pangangasiwa ng pribadong kompanyang Maynilad (pag-aari rin ng mga Lopez) sa pambansang patubigan, ang Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS).

Halos ganitong landas rin ang inabot ng National Power Corporation (Napocor) nang isinapribado ito ni Pangulong Ramos noong 1990. Ani Bello, hindi nagsarili't nagkumpitensya ang pitong pribadong kompanyang humawak sa mga yunit ng Napocor. Bagkus, naging diumano'y isang malaking kartel ang mga kompanya, na siyang nagdidikta sa presyo ng koryente, sa ipinaghirap ng bulsa ng maraming tao. Noon namang pumasok sa PPA ang gobyerno ni Ramos, nasadlak ang gobyerno sa mga panganib pangnegosyo o risk. Upang mahikayat ang pribadong sektor na pumasok sa kontrata ng pagsusuplay ng koryente, inalok ng gobyerno ang pagbili ng koryente kahit walang demand dito. Sabi pa ni Dr. Aldaba tungkol dito, "Halos lahat ng risk, kinuha ng gobyerno, para lang ma-attract 'yong private sector. Pero hindi dapat ganoon ang PPP. Dapat ibinabahagi ang risk."

HALOS LAHAT NG RISK, KINUHA NG GOBYERNO [PAGDATING SA MGA PPA NOONG REHIMENG RAMOS], PARA LANG MA-ATTRACT 'YONG PRIVATE SECTOR. PERO HINDI DAPAT GANOON ANG PPP. DAPAT IBINABAHAGI ANG RISK.
— FERNANDO T. ALDABA, PH.D., KAGAWARAN NG EKONOMIKS, ADMU

Sa kabila ng mga ganitong kapalpakan, tila hindi pa rin nagtanda ang rehimeng Arroyo sa mga pagkakamaling ibinunga ng pribatisasyon. Batay sa pananaliksik ng Newsbreak sa aklat na The Seven Deadly Deals, nangyari ang karamihan sa mga paluging proyekto't serbisyo ng pamahalaan bunga ng maling pagtantiya sa posibilidad ng kita ng mga kabalikat na pribadong kompanya, pati na ang mga institusyonal na hadlang sa maayos na pagpopondo ng mga naturang proyekto, katulad ng hindi maayos na pagpili sa mga isinasagawang subastahan (bidding) ng mga kontrata, o kaya ang mga pagpabor diumano sa ilang mga negosyante na kakabit ng mga nasa poder.

Maaaring tingnan ang kaso ng Subic-Clark-Tarlac Expresway (SCTEX) bilang halimbawa ng lubusang pagbibigay-karapatan sa mga pribadong kompanya na naging sanhi ng paglobo ng gastos ng pamahalaan upang mapunan ang hinihinging kabayaran ng mga ito. Ganito rin ang posibleng kinakaharap sa kaso ng NAIA Terminal 3. Posibleng mapilitan ang Manila International Airport Authority (MIAA) na magdagdag ng gastusin para sa mga pasahero upang maisaayos muli ang naluluma na nitong mga kagamitan at aparato. Idagdag pa rito ang responsibilidad ng pagbabayad sa Philippine International Airport Terminal Company, ang kinontratang kompanya na nagtayo sa mismong terminal.

Ayon pa nga kay Dr. Aldaba, minsan ay talagang mas napapamahal pa ang gobyerno. Ngunit sabi naman ni Ricote, "Hindi ko masasabing hindi siya nagtagumpay. Hindi man niya naibigay ang mga inaasahang resulta, nakapagbigay-serbisyo naman siya gaya ng kalsada, LRT, [at] tubig ng pribadong sektor na hindi gumagastos ang gobyerno. Sa ganoong aspekto, tingin ko, tagumpay siya.

PAANO MAIINGATAN?

Umiikot ang lohika ng pribatisasyon sa paniniwalang mas maayos magpatakbo ng mga produkto at serbisyo ang mga pribadong kompanya kaysa sa mga kawani ng estado. Bahagi ito ng kaisipang neoliberal na nagsasabing kailangang palakihin at patatagin ang pribadong sektor kaysa sa pampublikong pananalapi, sapagkat sila ang pangunahing gumagawa ng yaman ng isang bansa. Isinasaad din nito na magdudulot ang pagsasapribado at pakikipagkumpitensya ng pagpapalago ng industriya at paglikha ng yaman.

Ngunit kung titingnan ang sitwasyon sa maraming papalagong bansa sa daigdig, batay sa primer ng IBON Foundation na pinamagatang Privatization: Corporate Takeover of Government, makikita nating nagdulot ang pribatisasyon ng mas malalang kakulangan sa kakayanan ng estado na mapaglingkuran ang mga mamamayan nito. Higit na pinapalala ito ng katotohanang kung lumalago man ang produksyon ng isang bansa (na madalas isaad sa mga pigurang tulad ng Gross National Product at Gross Domestic Product), madalas na napananatiling umiikot ang yaman ng bansa sa iilang tao lamang.

Hindi mahirap isipin, kung gayon, na malaki ang posibilidad na harapin din ng mga proyektong isinasagawa sa ilalim ng PPP ang mga katulad na kabiguang bunga ng pakikibahagi ng pribadong sektor sa mga pampublikong interes.

Makabubuting tandaan, marahil, na nadidiktahan ang karamihan sa mga kilos ng pribadong sektor ng mga moda sa lokal at pandaigdigang merkado. Malaking usapin sa ganito ang pagpalalago ng kita sa kabila ng mabilisang pagkaubos ng mga likas na yaman o ang pagpapangalaga ng mga interes ng mga tao mismo. Kung tunay na iniintindi ng estado ang interes ng kanyang mamamayan, malaki-laki ang hamon sa mga aparato nito na tiyaking masasabayan nito ang mga kahingian ng mga pribadong kompanya sa anumang kilos na isinasagawa sa ilalim ng PPP.

Aminado sina Ricote at Dr. Aldaba na mayroong mga iregularidad. Nagkakasundo rin sila na nasa maayos at tamang pagsunod sa proseso na itinatakda ng batas ang tagumpay ng isang proyekto ng PPP. "The assurances [ng publiko] would be in the diligent selection of the



partner, the diligent review of their capacity to do the project for the government, at 'yong kanilang capacity to operate and maintain in the long period of time as required by the standards."

PAGLAGONG SABAYAN


Sa kasalukuyang takbo ng pandaigdigang ekonomiya (kung saan unti-unting nakikita ang mga potensya sa kalabisan ng mga pribadong kompaniya), hindi na maitatangging malalaking panganib ang maaaring dalhin ng mga kilos tungo sa pribatisasyon. Buhat rin sa naturang primer ng IBON Foundation, maaaring sumahin ang mga kabiguan ng pribatisasyon sa apat na salot:

1. Hindi matitiyak ng pribatisasyon ang mas maayos na pagbibigay-serbisyo at produksiyon.
2. Magdudulot ang pribatisasyon ng higit pang pagkabaon sa utang o pagkabangkarote ng pamahalaan.
3. Paiigtingin ng pribatisasyon ang kahirapan para sa marami na makakuha ng batayang serbisyong panlipunan.
4. Palalalain ng pribatisasyon ang mga alalahanin ng mga manggagawa't kawani.

Aminado si Ricote na mayroong mga problema sa mga proyekto ng PPP. Ayon pa sa kaniya, "Of course wala namang perpektong PPP na madedevelop; wala namang perfectly corrupt-free na masasabing PPP." Ngunit para sa kaniya, "The point is, lahat ng proyektong dati-rating ginagawa ng gobyerno, puwede namang pribadong sektor ang gumawa, at kumita sila doon sa kita ng proyekto. It's not an altogether bad policy. It is a proven development strategy by countries."

Karaniwan nang panambitan ng anumang estado na pumapasok sa pakikipagtulungan o pagsandig sa pribadong interes na kaya nitong mapanatili ang kontrol sa pagtatakda ng mga limitasyon. Nguni't kung titignan ang mga pumalpak na kaso ng pribatisasyon sa Latin America at Romania , madalas na mapunang hindi rin ganoon kadali magkasundo ang pribadong sektor at gobyerno dala ng kanilang mga nagtatalong interes at pagpapahalaga. Mas madalas pa ngang nababali ng pribadong sektor ang gobyerno na sumunod sa kanilang nais, gaya ng kung papaanong nagawa ng paluging kompanyang Goldman Sachs sa Estados Unidos na bigyan siya ng gobyerno ng Amerika ng $700 bilyon upang isalba ang sarili nito. Para sa isang bansa na nagpupumilit itayo ang kanyang sarili nguni't umaasa pa rin sa kapritso ng merkado, hindi ba tayo nagigisa sa sarili nating mantika? Ang PPP nga ba ang pinakatumpak na sagot?

Pangwakas ni Ricote, "Sa huli, nasa pamahalaan pa rin ang kontrol. Ito 'yong aming programa. Malinaw ang gobyerno kung hanggang saan papapasukin 'yong pribadong sektor at in control ang government. Hindi maiisahan ang gobyerno."





http://beardollyandmoi.blogspot.com/2010/10/film-reel-plaques.html

KILATISTA

SINE-SINOP

SAAN NA NILAGAY ANG ATING PELIKULANG FILIPINO?

nina Marvin Lagonera at Gerald Gracius Pascua
lapat ni Jake Dolosa

Para sa isang bansang masigla at minsang nanguna sa larangan ng paggawa ng pelikula (ikatlo sa buong mundo, pagkatapos ng Estados Unidos at India noong 1950s), nakalulungkot na isa ang Filipinas sa mga natitirang bansa sa Asya na wala pang pambansang sinupan. Matagal ng inaasam ang pagkakabuo ng isang pambansang sinupan ng pelikula, ngunit dapat nga ba itong pahalagahan ng kasalukuyang administrasyon sa kabila ng samu't sari pa nitong problema?

NOW SHOWING

"Nabubulok. Napabayaan," ganiyan inilarawan ni Yason Banal, propesor sa UP Diliman at kasalukuyang namamahala ng University of the Philippines Film Institute (UPFI) film archives, ang kondisyon ng kanilang sinupan. Ipinahayag ni Banal ang kaniyang labis na pagkadismaya sa nadatnang kalagayan ng UP Film archive nang maatasan siyang mamahala nito noong 2009. Paglalahad ni Banal, "Sira lahat ng films, ang baho sa loob ng archive kasi sira 'yong dehumidifier. Wala kaming archivist. Kulang kami sa tao." Aminado si Banal na sa kasalukuyan ay walang kakayahan ang kanilang institusyon upang mangalaga at magsinop ng mga pelikula. Dagdag pa niya, "Noong nagsiyasat ang Society of Filipino Archivists for Film (SOFIA) sa iba't ibang sinupan, lumabas na UP ang may pinakamalalang kalagayan. Nakagagalit at nakahihiya na nangyari ang mga iyon, at dapat kaming matuto mula roon."

Dismayado rin si Victoria Belarmino, isang film archivist, opisyal ng Culture and Arts ng Cultural Center of the Philippines (CCP) at kasalukuyang pangalawang-pangulo ng SOFIA, sa lagay ng film archiving sa bansa. Isang non-profit organization ang SOFIA na binubuo ng mga may malasakit sa pangangalaga ng mga pelikula sa bansa. Sumang-ayon si Belarmino na malala ang sitwayson ng UPFI film archives bagaman aminado rin siyang mahirap talagang magpatakbo ng sinupan. Dagdag pa niya, "Ang katotohanan ay hindi lahat ng institusyon ay may kagamitan at kakayahang magpreserba ng mga pelikula." Sa kasalukuyan, may ilang mga ahensiya, non-profit organizations at mga pribadong kolektor ang nangangalaga ng mga pelikula at may kani-kaniyang pamamaraan ang mga ito sa pangangalaga ng kanilang koleksiyon. Ayon kay Belarmino, sa kasalukuyan tanging ang ABS-CBN Archives lamang ang may matinong pasilidad at kakayahang magsagawa ng film archiving sa bansa.

Sa harap ng mga suliraning ito, nagkakasundo sina Banal at Belarmino na panahon na upang magkaroon ang Filipinas ng isang pambansang sinupan ng pelikula. Isang institusyong mamamahala at magtitipon ng lahat ng mga pelikula sa bansa, at siya ring maghahanap at tutunton sa mga nawawalang pelikula ng nakaraan.

ANG PAGTATALAGA SA FDCP

Alinsunod sa RA 9167, inaatasan ang Film Development Council of the Philippines (FDCP) upang pangunahan ang pagbuo sa pambansang sinupan ng pelikula sa Filipinas. Kaugnay nito, noong 19 Nobyembre 2010 nagkaroon ng pulong sa pagitan ni Briccio Santos, direktor ng FDCP, at ng kinatawan ng ilang mga ahensiya upang pag-usapan ang pagbuo sa nasabing sinupan. Kabilang sa pulong sina Mike Rapatan ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA), Victoria Belarmino ng CCP, Ed Lejano ng UPFI, Ricky Orellana ng Mowelfund, Bel Capul ng Philippine Information Agency (PIA), Mary del Pilar ng ABS-CBN Archives at Clodualdo del Mundo ng SOFIA.

Sinabi ni Briccio Santos na ang pangunahing hakbangin ng FDCP ngayon ay

ang pagkumpuni at restorasyon ng mga pelikulang napabayaan at hindi napangalagaang mabuti. Paliwanag ni Santos, "Sa bawat araw na lumilipas, lumulubha ang kalagayan ng mga pelikulang ito." Sa kasalukuyan, nagsisilbing clearing house ng FDCP ang kanilang dating opisina sa Ortigas. Buong araw nakapanatili sa 10°C ang temperatura at may stand-by generator sa clearing house na ito kung saan pansamantalang ilalagak ang mga pelikulang naibibigay sa kanila. Ayon kay Santos, mahalaga ang clearing house sapagkat may mga pelikulang nangangailangan ng agarang atensiyon at rehabilitasyon. Susuriin din ang bawat pelikulang hawak ng FDCP upang malaman kung gaano kalala ang kalagayan ng mga ito at kung anong karampatang hakbang ang dapat gawin upang makumpuni ito. Kabilang sa mga susuriin dito ang mga pelikula sa UPFI film archive na nauna nang nabanggit na hindi na maayos ang kalagayan. Ayon kay Santos, dumating na ang cans na gagamitin upang mapasailalim sa recanning at rewinding ang mga pelikula. "Maski labinlimang minuto na lamang ang kayang ma-recover at ma-digitize, napakahalagang labinlimang minuto pa rin iyon," paliwanag niya.

Samantala, pahayag ni Santos, inaasikaso rin ng FDCP ang pagtatayo ng gusali para sa pambansang sinupan. Napipisil na lugar ang Mt. Makiling sa Laguna upang maging sityo ng gusali sapagkat akma ang malamig na klima dito para sa pangangalaga ng mga pelikula.

HINDI LAMANG RESTORASYON

Ngunit hindi natatapos sa restorasyon ang trabaho ng FDCP. Ayon kay Santos, layunin din ng kanilang ahensiya na mangalap ng impormasyon kung nasaan ang mga iba pang mga pelikulang Filipino nawawala at mahanap ang mga ito. "Nasa 10% lamang ng pelikulang Filipino ang nasa kamay ng ating mga ahensiya ngayon. Marami sa ating mga pelikula ang matatagpuan sa film archive o mga institusyon sa ibang bansa. Nais naming ma-repatriate ang mga ito." Dagdag ni Santos, makikipagtulungan din ang FDCP sa mga ahensiya gaya ng SOFIA upang bumuo ng detalyadong imbentaryo ng mga pelikula.

Nais din ni Santos makuha ang loob ng mga nagmamay-ari ng mga pelikula. "We need to gain the trust of copyright holders. We will nurse their works, resuscitate their works," Naniniwala si Santos na mas mapangangalagaan ang mga pelikula kung mapagsasama-sama ito ng isang ahensiya ng gobyerno, gaya ng FDCP – labas sa posibleng sigalot na maaaring maganap kung pribadong sektor ang mangangalaga. Kaya isang ring rekomendasyon ni Santos na mapagkalooban ng direktiba ang FDCP upang mapahintulutan silang makakuha ng kopya ng lahat ng audio-visual material sa bansa.

BALAKID NOON, BALAKID NGAYON

Sa kabila ng kasiglahang naidudulot ng panibagong pagkilos tungo sa pagbuo ng national film archives, hindi na bago kay Belarmino ang pangyayaring ito. Kinuwento ni Belarmino na taong 1997 pa lamang ay buhay na ang panukalang bumuo ng pambansang sinupan. Sa katunayan, gumawa ng pag-aaral ang Southeast Asia-Pacific Audiovisual Archive Association (SEAPAVAA), kung saan isa rin si Belarmino sa naging tagapagtatag, upang mapag-alaman kung saan pinakamainam itayo ang gusali ng pambansang sinupan. Sa pag-aaral na SEAPAVAA na Feasibility Study on the Establishment of a National Film Archive unang lumabas ang Mt. Makiling bilang sityo. Ipinakita ni Belarmino ang resulta ng nasabing pag-aaral kung saan nakalatag nang lahat ng detalye kagaya ng mga materyales na gagamitin, plano ng gusali, at iba pa. Kaya naman ganoon na lamang ang kanilang pagkabigla noon nang biglang makansela ang proyekto. "And we are back to square one," pagtatapos ni Belarmino.

Gayumpaman, pagbabahagi pa ni Belarmino, iginiit niya kay Briccio Santos ng FDCP na higit sa isang clearing room, ang pagtatayo ng pambansang sinupan pa rin ang tanging solusyon upang ganap na maisaayos ang ating mga pelikula. Agam-agam lamang ni Belarmino kung matutustusan nga ba ng pamahalaan ang pagtatayo nito. Ayon sa kaniya "Sa totoo lamang, wala pa naman kasing pondo. At noong ginawa ang feasibility study na ito, tinatayang aabot sa 200 milyong piso ang gagastusin, at para sa gusali pa lamang iyon." Batid ni Belarmino ang problemang kinahaharap ng pamahalaan ngayon kaya aminado rin siyang mahihirapang makalusot ang film archive bilang priyoridad. Ngunit dagdag ni Belarmino ukol sa usapin ng badyet, "Sa tingin ko, hindi kayang magbigay ng ganoong kalaking badyet ng gobyerno, lalo na sa mga kalamidad na nagaganap ngayon. Alam kong madali nilang sabihin na hindi nila ito prioridad, pero hindi na talaga nila ito prioridad sa nakaraang 50 taon o higit pa."

AYOKONG BURAHIN ANG AKING GUNITA. KUNG TITINGNAN KO ANG PELIKULA BILANG LUNAN NG AKING GUNITA AT MAAARING MAWALA ANG LUNAN NA IYAN, GUSTO KONG IPAGLABAN NA MANATILING MAGKAROON NG LULAN ANG AKING GUNITA.
— ELI GUIEB



MAKIKITA MO TALAGA ANG PRIORITIES NG MGA INSTITUTION, HINDI LANG SA UP, THAT THE NOTION OF THE ARCHIVE IS NOTHING. WALA ANG ARCHIVING IN ANY KIND OF FILM DISCUSSION, IT'S ALWAYS FILM EDUCATION, FILM PRODUCTION. WE NEVER REALLY PAID ATTENTION TO FILM ARCHIVING.
— YASON BANAL



Nakikita ring problema ni Eli Guieb, isang manunulat, filmmaker at kasalukuyang propesor sa UP Diliman at Ateneo de Manila, kung hanggang saan ang hihingin ng film archive sa mga copyright holders nito. Ikinuwento niya na noong kaniyang ibinigay ang kopya ng 16mm at super 8 films sa UP film archive, bahagi ng kanilang kasunduan ang hindi pagpapakalat ng mga nasabing kopya. Kinakailangan ding hingin ang kaniyang pahintulot kung may nais gawin ang UP film archive sa kaniyang mga pelikula.

Para kay Guieb, walang problema sa kaniyang magbigay ng kopya sa sinupan kung magsisilbi lamang itong repositoryo upang mapreserba ang palikula. "Pero kung ang magsisilbing sinupan ang siyang magtatakda ng mga nararapat para sa mga sine, ibang usapan na yan. Kahit ako magkakaroon ng doubt or reluctance kung may authority rin 'yn para mamahagi ng aking gawa o isalin ang aking gawa sa ibang pormat." Ayon kay Guieb, dapat malinaw sa institusyon at sa may-ari ng materyal kung hanggang saan ang kapangyarihang hawak ng nangangasiwa ng sinupan sa mga pelikula nito.

PELILKULA LANG 'YAN

Pahayag ni Santos, ang pagbuo ng pambansang sinupan ay isang proyektong dapat matagal nang nasimulan. Ngunit bakit ngayon lamang muling nagkaroon ng pagkilos upang isulong ang pagsisinop ng ating mga pelikula?

Para kay Belarmino, nasa film producers ang problema. Ayon kay Belarmino, negosyo lamang ang turing ng mga film producers sa pelikula noon. Matapos maipalabas sa Maynila, dinadala ang pelikula sa probinsiya at kadalasan, hindi na ito kinukuha pabalik upang makatipid sa gastos. Hindi nila nakita ang kahalagahan ng pagtatago ng mga pelikula. "Kaya nung gumawa ang CCP ng acquisition at retrieval program, kung saan-saang bakuran at garahe kami napunta at nakahanap ng pelikula, in different stages of deterioration," dagadg pa niya. Kinuwento rin ni Belarmino nang itambak ng LVN ang kanilang mga kopya ng negatibo sa basketball court. "Para kaming mga langgam noon at doon kami namili ng mga pelikula na tingin namin ay maaario pang isalba. Sa 72 titulo, isa lamang ang naibalik sa dating kundisyon, ang White Slavery."

Isang paghahaka naman ni Guieb ang pagkakaroon ng mababang tingin ng lipunan sa pelikula. "Hindi siya tiningnan bilang kasaysayan, bilang sining. Pelikula lang 'yan." Tiningnan ang pelikula bilang ilusyon o kasangkapang pang-aliw lamang, hindi dapat binabalik-balikan. Paliwanag ni Guieb, "Baka kasi ang unang turing sa pelikula ay bilang commodity lamang na naibebenta at hindi kinakailangang i-preserve. May kaugnayan marahil ang proseso ng pagkonsumo sa kawalan ng kultura ng pag-archive." Ngayon lamang natin nakikita ang pelikula hindi bilang produkto, kung hindi bilang isang kasaysayan at mahalagang sining na kinakailangang pagtuunan ng pansin.

PAGTAYA SA GUNITA

Hindi lingid sa ating kaalaman na napakaraming problemang dapat tugunan ang kasalukuyang administrason, mga pangangailangang dapat paglaanan ng pondo ng gobyerno. Mahirap timbangin ang pangangailangan ng maraming Pilipino sa matinong pabahay at ang proyektong gaya ng pambansang sinupan ng pelikula. Sa panahon kung saan karamihan ng mga Filipino ay dukha, gutom at walang matirhan, madaling sabihing luho lamang ang ganitong proyekto. Bakit mas dapat marapatin ng pamahalaan na patayuan ng bahay ang mga negatibo?

Para kay Banal, may napakalas na ugnayan ang pelikula at ang ating bansa. Patunay nito ang napakasiglang kalagayan ng ating industriya ng pelikula noon. Ito rin ang maituturing na pinaka-masa sa lahat ng ating sining "and it does make sense to archive the most populist of forms." Higit sa pagpepreserba ng mga negatibo, ito ay pagpapanatili rin ng ating kuwento, pamana, at pagkakakilanlan. Hindi nalalayo rito ang pananaw ni Santos. Ayon sa kaniya, hindi matawaran ang pagtangkilik ng mga Pilipino sa ating mga sariling pelikula. May pagkagutom tayo sa ating mga pelikula. Paliwanag pa ni Santos, "You cannot equate a hundred kilometers of asphalt to our history and heritage. Heritage is costless."

Ipaglalaban pa rin ni Guieb ang pagbuo ng sinupan. Binabalik ni Guieb sa ang kaniyang tugon sa isang tanong: Kabilang ba ang gunita sa ating pambansang priyoridad? Paliwanag pa niya, "Ang pag-aarchive ay isang paraan upang balikan ang gunita. Kung bibigyang halaga ng gobyerno ang gunita na yan, at titignan ng tao na marami siyang mawawalang gunita, kung bibigyan natin ng priyoridad ang ating kinabukasan at ngayon – dapat kasama ang gunita." Tanong din ang tugon ni Belarmino. "Bakit ka nag-aalbum? Dahil gusto naming magpreserba. Batayan iyon." Dagdag pa ni Belarmino, minsan din niyang naitatanong sa sarili kung bakit niya ito ginagawa gayong wala naman silang kinikita mula rito. "Wala. Pero kung hindi namin gagawin, kawawa naman 'yong mga pelikula kung walang mag-aalaga."


THE GENERICS PHARMACY
712-7777







Sang' Tabi

Geeroh Aldeck G. Ebrada
Unang Gantimpala, Hulagway

Sang' tabi mapapansin kami?
Oras-oras, kakayod ako.
Maliit na barya niyo,
almusal hanggang hapunan
dadalhin ko.
Hindi pabigat, ang araw sa balikat
Sa tuwing uuwi, may dalisay na ngiti
Kahit ito na lang, ang kita sa tuwina
Para bukas may baon ka na.

ROCKULTU

ROCKTIBISMO O ROCKALAKALAN?

nina Tresa Valenton at Geneve Guyano
lapat ni Jake Dolosa

http://www.[illegible].com/products/384138/impression-concert.htm



IMAHEN NG MUSIKANG ROCK, NAPAPANINDIGAN PA NGA BA?

Isang tinutuligsang isyu. Adbokasyang ipinaglalaban. Maingay na musika. Sikat na mga banda. Tiyak, kikita ka.

Usong-uso ang pagkakaroon ng mga konsiyertong rock dala ang mensahe ng pangmumulat sa mga realidad ng lipunan. Nariyan ang taunang University of the Philippines (UP) Fair sa iba't ibang yunit ng nasabing pamantasan; mga konsiyertong hatid ng boluntaryong grupo gaya ng RockEd; at mga programang panlipunan gaya ng fundraising na itinataguyod ng napakaraming paaralan, tanggapan, at grupo ng indibidwal. Sa kabilang banda, napapanindigan nga ba ng ganitong uri ng genre ang inaasahan niyang politika?

ANO NGA BA ANG MUSIKANG ROCK?

Ayon kay Dr. Ramon P. Santos, Tagapangulo ng Kagawaran ng Komposisyon at Teorya sa Asembleya ng Musika (UP-Diliman), kahit na may nagsusulat ng mga konsepto ukol sa musikang rock, walang malinaw na teoryang nagbibigay-kahulugan dito. Sa halip, nakikita niya ito bilang isang panlipunang kaganapan. Isa umano itong uri ng musika na umunlad noong dekada '60 kung kailan ay laganap ang aktibismo. Dagdag niya, kahit iba-iba ang anyo ng ganitong genre, halimbawa'y heavy metal rock o iyong mas magaang tunog, meron pa ring bakas ng pagkamilitante at pagkaagresibo rito.

Para kay Dr. Jonas Baes na isang guro sa Kagawaran ng Komposisyon at Teorya ng Asambliya ng Musika (UP- Diliman), isang lenggwahe, estilo ng genre na iba sa jazz o sa pop, sa klasikal o sa new music ang rock. Kung may 12 bars ang isa pang uri ng genre na tinatawag na blues, mas mabigat pa raw rito ang rock. Sa madaling sabi, "pinabigat, pinaingay, maraming distortions. Dito [rin] nagmula ang ibang tradisyon mula jazz hanggang rock 'n roll at rock." Napulot ng mga sumikat na artist noong panahon 'yon tulad nina Elvis Presley noong dekada '50, Beatles, Rolling Stones, at Jimi Hendrix noong dekada '60 sa mga impluwensya

ng rock 'n roll mula Aprika. Kung ikukumpara raw ang musikang ito sa blues noong simula ng ika-20 siglo, talagang mas elektroniko ang tunog.

Sang-ayon din si Santos rito. Nang dahil raw sa eksperimentasyon, umusbong ang rock music. "Sa mga malikhaing kompositor, naghahanap ng mga bago: mga bagong tunog, bagong ritmo, bagong pananaw, bagong estetika," sabi niya.

ROCKULTURA

Magkagayonman, hindi maitatatwa na may panlipunang aspekto rin sa pagtatakda ng kasikatan sa musika. Saad ni Baes, "Mas kinilala si Elvis kaysa kay Chuck Berry (mula sa lahing may-kulay) – pati The Beatles. Isang kilos na pumapabor sa lahing-puti ang rock 'n roll dahil mas kinilala sila ng mundo kahit nagmula talaga ang impluwensiya sa Aprika."

Bukod rito, isa ring konteksto para sa pagpapahayag ng kabataan ng kanilang lakas noong dekada '60. Malaki na ayon kay Baes ang pinagbago ng paggamit ng musikang rock dahil simbolo ito ng pagsuway at pagtutol noon. "Noon, hindi pabor ang mga magulang namin na magpatugtog kami ng rock music. May kaibigan ang kapatid ko na may poster ng Grand Funk Railroad sa kwarto niya at pinatanggal [ito] ng mga magulang niya" dahil sa panlipunang kasiraan (o social stigma) na ang pakikinig sa ganitong uri ng musika ay padaplis na nangangahulugang gumagamit ka ng at/o dependent ka sa bawal na gamot.

Subalit iba ang dahilan ni Baes sa pagiging panatiko noon ng musikang rock. Dahilan niya ang pakikiisa sa kadalasang musikal na interes ng kanyang mga kasabayan. "Pinili kong maging practitioner ng rock dahil ito ang lenggwahe na obheto ng kapusukan ko. May banda ako. Masyado akong agresibo noong kabataan ko."

Inspirasyon din ni Baes ang mga inhustisyang naganap noong dekada '70 partikular sa kanyang yumaong kapatid na si Dr. Aloysius Baes, geochemist, environmentalist, at aktibista. Habang nakapiit mula 1973-76, sumulat siya ng mga awit ng protesta. Pagbabahagi ni Jonas, "Ang totoo niyan, nasa unang taon ako sa mataas na paaralan noong nagpupuslit kami ng mga awit na ginawa ng kapatid ko mula sa [Camp] Crame." Dahil sa mahigpit na pamamalakad at inspeksiyon doon, "Gugupitin ng kapatid ko ang isang linya ng kanta, at isisiksik sa kuko tapos aayusin, pagsusunud-sunurin, at lalagyan ko ng nota pagdating ng bahay." Maswerte raw siya na hindi marunong magbasa ng nota ang mga pulis. Kahit mga madre at pari, tumulong rin sa pagpuslit. "Inilagay namin ang lyrics doon sa bulsa ng abito ng madre, tapos isiniksik sa hearing aid ng pari." Pagkaraan ng pagsasalin sa mga cassette tapes, unti-unti at maingat nilang ipinamahagi ang mga awit. Inspirasyon din ng kilos na iyon ang pagkakatatag sa grupo ni Baes na tinawag na Tulisanes upang itaguyod ang musika ng protesta.

NAPAPANINDIGAN BA?

Ayon kay Santos, naisasakonteksto ng musikang rock ang mga adbokasyang itinataguyod ng iba't ibang grupo "Kasi nga merong pagkaaggresibo kaya siyempre ang gagamitin mo sa mga adbokasiya ay iyong mga musikang may ganon ding elemento."

Sang-ayon dito si Rainier Astin Sindayen, pangulo ng Sanggunian ng Mag-aaral (University Student Council, USC) ng UP-Diliman para sa taong 2010-11. Sabi niya, isinasakonteksto ang taunang UP Fair sa genre ng musikang rock dahil sa pagiging "plataporma ng ganitong uri ng musika sa aspekto ng porma at nilalaman. May mga realidad na ang konsepto ng rock bilang isang uri ng musika ay isang pagbalikwas sa tipo ng musika na kontrolado, may sukat at may tugma".

NAGKAKAROON NG SILBI ANG KITA PARA SA MGA ORGANISASYON AT KUNG ANO 'YONG KONTING KIKITAIN NG USC MULA ROON AY MAAARING MAGAMIT UPANG IPAAYOS ANG MGA PASILIDAD NG UNIBERSIDAD NA NANGANGAILANGAN NA NG PAGKUMPUNI.
--SINDAYEN

Subalit para kay Baes, ang dating mapanuligsang genre, ngayon ay isa nang industriya. Kaya nga umano sikat na sikat ang inkorporasyon ng musikang rock sa konteksto ng mga konsiyerto para sa ibaibang adbokasya lalo na iyong may pagkakomersiyalisado ang kalikasan. "Damangdama ang pagiging komersiyalisado noong si Joey Ayala mismo ang pumasok sa industriya, na para sa akin ay naging kasawian niya." Nasakop umano ng industriya ang mga malayang alagad ng musika na gaya ni Ayala dahil naikakahon sila sa ideya ng pagkita sa halip na pagtataguyod sa mga tunay nilang pinaninindigan.

May tinatawag na cassette culture kung saan ay namamahagi ang mga musikero ng kanilang likha sa mga alternatibong porum o sa konteksto ng sinserong adbokasya. Pero naiba ito nang maging kakambal ng pagpasok sa industriya ang paghahanap ng merkado "kaya naman nalulon sila ng industriya na gusto kong patayin bilang isa ring alagad ng musika ," saad ni Baes. Nasisiil umano ng industriya ang tunay na pagpapahayag at musikalidad kaya para sa kanya, kung may nais na baguhin sa sistema, iyon ang paggapi sa mismong industriya.

Aminado rin si Sindayen sa puntong ito. "'Yon ang medyo ikinalulungkot namin sa kinalaunan, kasi sa halip na maging daan ito para sa alternatibong edukasyon at alternatibong gawaing-kultural, naging komersyalisadong kilos na rin ito. Magkagayonman, tingin niya, hindi na rin masama dahil kumikita ang kanilang grupo kahit paano. Nagkakaroon ng silbi ang kita para sa mga organisasyon at kung ano 'yong konting kikitain ng USC mula roon ay maaaring magamit upang ipaayos ang mga pasilidad ng Unibersidad na nangangailangan na ng pagkumpuni." Kumbaga, may bakas man ng pagiging negosyante, nakakatulong rin naman ang kita mula rito.

Dahil dito, may mga salik rin na binibigyang-pansin kapag gumagawa ng konsepto ng UP Fair. Bukod sa puspusang konsultasyon sa mga organisasyong pangmag-aaral ukol sa isyung nais nilang bigyang-reaksyon (halibawa'y ang kaltas sa badyet sa edukasyon para sa taong 2011), may konsiderasyon din sila sa mga bandang iimbitahin. Tanong ni Sindayen, "Ito bang bandang ito ay makakapanghatak ng maraming manonood, at sa huli, kikita ba ako?" Kaya nga umano dumating na sa punto na kinailangan na ng mga nagoorganisa na mga sikat na o papasikat ang kuning mga banda. "E syempre hindi ba mas sikat sa music industry noon (dekada '90) hanggang ngayon, rock?"

Kaya naman ang konklusyon, nagbabayad ang mga tagapag-organisa nang mahal sa mga bandang tumutugtog. Taliwas ito sa mismong simulain ng nasabing pagtatanghal "kasi dati hindi talaga binabayaran ang mga banda dahil nangangahulugan na ang pagtutog nila sa Fair na ang mismong bayad sa kanila." Dahil bahagi ng plataporma nila sa pagsikat at pagkakakilanlan ang mismong pagtatanghal, inaasahan umanong hindi na sila bibigyan ng pera kapalit nito. Subalit dahil sa hatak na nagagawa ng mga banda, nagsimula ang sistema ng bayaran noong dekada '90.



KAYA NAMAN NALULON SILA NG INDUSTRIYA NA GUSTO KONG PATAYIN BILANG ISA RING ALAGAD NG MUSIKA.
--BAES

Nito lamang nakaraang UP Fair 2011, umabot sa P500,000 ang ibinayad ng USC sa lahat ng mga bandang inimbitahan nila para sa tatlong gabi na sila ang isponsor nito. Nagbigay si Sindayen ng mga halimbawa. "Ang pinakamahal na binayaran namin ay Urbandub. Tapos, may bandang ayaw ko na lamang pangalanan na malaki ang iminahal sa kanilang talent fee noong papalapit na ang mismong palabas." Nagmahal ang singil nila mula P20,000 at naging P80,000.

Ayon kay Sindayen, nais nilang baguhin ang ganitong sistema nang paunti-unti, lalo na kung libre naman ang pagtatanghal noong umpisa. Isang magandang halimbawa ang bandang Sugarfree, isang mainstream na banda, na hindi nagpapabayad lalo na kung mula UP-Los Banos ang imbitasyon "siguro dahil tagaroon si Ebe (ang bokalista ng banda)." Bukod rito, hindi binabayaran ang halos lahat ng bandang tumutugtog doon kaya nagsisilbing hamon at/o inspirasyon ito para sa sistema ng UP Fair sa Diliman. Dagdag ni Sindayen, "Kung kaya nila, bakit hindi naming kakayanin?"

Sa iba namang punto, nakikita ni Baes na isang salik ang pananalastas (marketing) sa pagiging istrikto ng kategorisasyon ng musikang rock. "Syempre kapag nasa record stores ka at may pagsuporta sa ganitong musika, e hindi mo gaanong alam lahat ng artists, mayroong isang shelf na nakalagay doon na "rock" (kung saan ka pwedeng maghanap). Kung may hahanapin kang grupo, halimbawa Metallica; nasa rock 'yan."

Kaya para kay Baes, may bahagi sa kanya na nag-aalangan kung napapanindigan pa rin ng musikang rock, o ng musika sa pangkalahatan, ang gamit nito. "Pwede namang ipabatid iyon [anumang mensahe] sa isang lenggwahe, kaya lang baka mas masyadong nakapokus doon sa lenggwahe at hindi 'yong dapat gawin o ginagawa ng lenggwahe." Kung masyado raw nakapokus sa pamamaraan ng produksyong umaabot na sa pagkasiil ng artistikong pagpapahayag at pagkakaroon nito ng panlipunang saysay, baka dapat pag-isipan at baguhin ang namamayaning istruktura.

HINDI LANG ROCK KUNDI MUSIKA SA PANGKALAHATAN

Noong dekada '70, ang Woodstock, isang taunang selebrasyon ng kultura at musikang rock na umaabot ng tatlong araw sa rami ng nakikilahok na banda, At nagkaroon din daw ang Filipinas ng sariling bersyon nito sa porma ng Antipolo Rock Music Festival. "Pinoy naman, nanggagaya lang 'yan," saad ni Baes. Ang panggagaya umano ang nananatiling suliranin ng mga Filipino. Dahil nakikita nating kumikita ang mga uso mula sa Kanluran, gagayahin natin iyon. Ang ganitong ugali ang isa sa mga dahilan ng pagkakulong ng musika sa makakapitalistang industriya.

Dagdag niya, kailangan ding kilatisin ang mismong artist, lalo na kung nadadala nga ba niya ang ideolohiyang ipinakikilala niya. Maaari umanong taliwas ang pamamaraan ng produksyon at 'yong uri ng musika mismong prinsipyo na wari niyang ipinaglalaban. "Halimbawa, ipaparinig mo ba sa Sakadas ng Negros ang musika ng Eraserheads? O 'yong mensahe ba natin sa kanila, Eraserheads ba ang kailangan nila?" Pero dahil umano sa meron nang mga nagtatangkilik para sa mga ganoong uri ng musika, iyon ang patuloy na naitataguyod. "Ako, hindi ko ituturing bilang market ang Sakadas pero bilang mga paghahandugan ko ng aking musika, ng gusto kong sabihin, o ng nais kong mapagtanto. Gayundin ang mga Bagobong nawalan ng lupa, o mga Mangyan na kailangang lumikas dahil sa private armies."

Para kay Baes, marami pang ibang mga grupo ng marhinalisadong tao na maaaring paghandugan ng musika. "Gusto kong isipin na ang bibigyang-lakas ko sa aking musika ay hindi lang 'yong mga taga-Ateneo na kayang bumili ng sarili nilang CD o iyong kayang tumambay sa Starbucks maghapon habang nakikinig sa kanilang Ipod.

Nagwagi sa Bertigo 2011

ANG KULTURA NG KAKULANGAN

ni Stephanie Grace Tan
ng St. Stephen's High School
kuha ni Larz Diaz
lapat ni Dylan Valerio

Hindi lingid sa ating kaalaman na mahalaga ang edukasyon. Lahat tayo ay may karapatang mag-aral. Ang mga magulang ay obligadong pag-aralin ang kanilang mga anak. Dahil dito, ang Pilipinas ay isa sa mga bansang tunay na binibigyang prayoridad ang edukasyon. Pinatutunayan ito ng 207 bilyong pisong badyet ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) para sa kasalukuyang taon at sa mga maraming aralin ng mga mag-aaral mula elementarya hanggang hayskul. Kung titingnan natin, maganda ito dahil napauunlad ang mga isipan ng mga mag-aaral at natututo silang magkaroon ng disiplina pagdating sa pag-aaral. Sa katunayan, maraming dayuhan ang nag-aaral sa Pilipinas dahil higit na mas mura ang matrikula dito kumpara sa ibang bansa. Isa pa, maraming karangalan ang nakukuha ng mga Pilipinong estudyante dito sa Pilipinas at maging sa ibang bansa. Ibig sabihin ay maraming matatalinong Pilipino na kayang makipagsabayan sa ibang mag-aaral sa iba't ibang bansa. Sa larawang ito, mukhang walang problema sa edukasyon sa Pilipinas. Ngunit para sa akin na isang mag-aaral sa isang pribadong hayskul, hindi lahat ay ganito. Sa ating bansa, nabibilang ang mga paaralang pampubliko na maganda ang kalidad ng edukasyon. Ang totoo, sa dami ng mga inaaral ng mga estudyante, sanay na sanay na sila sa pagsisiksik ng mga impormasyon sa kanilang mga utak, lalo na kung sa araw ng pagsusulit. Pagkatapos ay kalilimutan na nila ito. Bukod pa riyan, madalas nating makita sa balita, at pati na rin sa lansangan ang mga nagsisikipang silid-aralan at maraming pagkukulang sa pasilidad at kagamitan para sa mga mag-aaral.

Bakit kaya ganito? Kahit na anong laki ng salaping nakalaan sa Kagawaran ng Edukasyon ay hindi pa rin ito sapat upang punan ang mga pangangailangan ng mga paaralan. Lagi na lang wala, sira at kulang.

Paano naman ang mga magulang? Walang patid sa kanilang mga reklamo. Walang pambayad sa matrikuila, walang pambili sa mga pangangailangan ng kanilang mga anak. Lagi ring wala.

Ang mga gurong masipag na nagtuturo ay nagsisipag-alisan na rin upang makahanap ng mas magandang buhay sa ibang bansa. Ano na ang mangyayari sa Pilipinas?

Sa lahat ng mga problemang ito, ang mga mag-aaral ang kawawa dahil sila ang laging naiipit dito. Ang iba, naglalakad ng mahigit isang oras para lang makapasok at matuto ng kahit kaunting impormasyon. Gusto man nilang mag-aral, wala silang magagawa. Kailangan nilang tiisin ang hirap at pagkagipit upang makatapos. May natutunan ba sila

pagkatapos nito? Marahil, wala rin.

Bagaman hindi pa natin maaaring husgahan ang edukasyon sa kasalukuyang administrasyon, makikita natin na simula ng pagsalin ng kapangyarihan noong nakaraang taon, nagkaroon ng iba't ibang pagbabago sa kasalukuyang administrasyon na kung tutuusin ay kontrobersyal. Ito'y walang iba kung hindi ang K+12 na proyekto ng Kagawaran ng Edukasyon.

Sampung taon lamang ang elementarya at hayskul sa Pilipinas. Dahil dito, taon at pagtuturo ng mga pagksa na mas may kinalaman sa industriya ng trabaho upang magkaroon ng paghahanda para sa kinabukasan ang mga mag-aaral.

Aminado akong maganda ang kanilang plano. Maayos ang pagkakagawa nito, at magtatagumpay sana ito kung maayos na ang sistema ng eduaksyon sa Pilipinas, kung may sapat na pondo upang ipatupad ito, kung may mga silid-aralan at pasilidad na magbibigay buhay dito. Sa kasawiang palad, ito mismo ang ating problema!

ang iba dito. Aminin na natin, kung wala sila, hindi naman tayo makakapag-aral at mapapariwara lang tayo. Masisisi ba natin sila kung hindi talaga nila kayang bayaran ang matrikula?

Mahalaga ring karakter sa pagbibigay ng edukasyon ang mga guro. Sa panahon ngayon, hindi marami ang nagsasakripisyo ng kanilang buhay upang maging guro. Hindi madali ang maging isang guro, at kailangan talaga ng tunay na pagtitiyaga upang magampanan ng isang guro ang kanyang mga tungkulin. Hindi

TILA, ANG PAGLULUNSAD NITO AY MALI SA TIYEMPO. SA DAMI NG SULIRANIN SA SISTEMA NG EDUKASYON SA PILIPINAS, MAKIKITANG HINDI PA HANDA ANG ATING BANSA PARA SA K+12.

makapagtatapos na ng kolehiyo ang isang mag-aaral na 20 taong gulang. Kung hindi siya nakatuntong sa kolehiyo, 16 taong gulang pa lang ay tapos na ang kanyang pag-aaral at magsisimula nang magtrabaho. Kapag ikukumpara natin sa ibang bansa sa buong mundo, kulang ito ng hindi bababa sa dalawang taon. Ito ang nais baguhin ng Kagawaran ng Edukasyon, gusto nilang dagdagan ang panahon ng pag-aaral ng mga estudyante sa Pilipinas. Dahilan nila, panahon na upang baguhin ang imahe ng edukasyon sa Pilipinas. Sa iba't iban pagsusuri na pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Edukasyon, makikita na mababa ang nakukuhang marka ng mga mag-aaral. Hindi maganda ang mga resulta. Hindi man lang natin mapantayan ang edukasyon na ibinibigay sa ibang bansa.

Ang proyektong ito ay hindi inaasahan ng marami. Hindi ko rin maintindihan kung bakit kailangang gumawa ng pagbabago ang Kagawaran ng Eduaksyon kahit alam nilang malaki ang nakasalalay rito. Tila, ang paglulunsad nito ay mali sa tiyempo. Sa dami ng suliranin sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas, makikitang hindi pa handa ang ating bansa para sa K+12. Hindi naman natitinag ang Kagawaran ng Eduaksyon sa mga hadlang na kanilang nakasasalubong. Desidido silang ipagpatuloy ang K+12 dahil para sa kanila, ito lamang ang paraan upang mabawasan ang kawalan ng trabaho at siguraduhin ang tagumpay ng mga Pilipino sa kahit anong lugar sa mundo. Kasali rin dito ang pagbabawas ng aralin ng mga mag-aaral sa isang

Dapat malaman ng pamahalaan na hindi tama ang pagmamadali. Ang pagbabago ay nangangailangan ng sapat na panahon, madalas ay matagal na panahon upang tuluyang maipatupad ito. Tulad ng isang sanggol na marunong pa lamang uminom ng gatas, hindi siya maaaring biglain at pakainin ng kanin. Kahit alam nating makabubuti sa kanya ang kanin, hindi pa ito ang tamang panahon kung saan matatanggap ng kanyang katawan ang kanin. Sa kalaunan, isusuka lamang niya ito, at masasayang lang ang kanin. Kailangang bigyan siya ng sapat na panahong lumaki upang masanay siya sa mga pagbabago sa kanyang buhay.

Ang K+12 ay isang komplikadong paksa at kailangang pag-isipan ito nang mabuti. Hindi ito parang kanin na maaaring bilhin at kunin sa kahit anumang panahon. Malaking halaga ng pera iginugol dito, kaya kailangang sukatin ito nang mabuti. Kahit na gaanong katagal ang paghihintay ng pamahalaan, hindi darating ang tamang panahon na maaaring ipatupad ito kung hindi pagbutihin ng pamahalaan ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas, kung hindi paghandaan ng pamahalaan ang sektor ng edukasyon sa ganitong kalaking pagbabago.

Maraming salik ang nakatali sa pagbibigay ng edukasyon. Marahil ang pinakaimportante dito ay kung matutustusan ba ng mga magulang ang lahat ng kinakailangang gastusin. Sa Pilipinas, kung maraming anak ang isang mag-asawa, mapipilitan silang hindi pag-aralin

rin nakatutulong sa kanya ang maliit na sahod na kailangan niya pagkasyahin sa isang buwan. Hindi karapat-dapat ang mga guro na makakuha lamang ng sahod na malpit sa minimum wage. Tunay nay kahiya-hiya ito.

Masakit mang tanggapin, minsa'y nirerespeto ko rin ang desisyon ng mga gurong mangibang bansa na lang. May kinabukasan nga ba talaga ang Pilipinas? Hanggang kailan sila magtitiis upang makuha ang kanilang pinaghirapan? Walang nakakaalam, at walang makakasagot.

Umaasa ako na sana isang araw, tunay na mapabubuti ang edukasyon sa ating bansa. Isang panahon kung saan maipagmamalaki ko ang nagawa sa akin at sa ibang mag-aaral ng edukasyong natamo namin dito sa Pilipinas. Kung saan lahat ng mag-aaral ay magkakaroon ng patas na oportunidad na makapag-aral, at sila'y hindi nagkukulang sa kagamitan. Hindi man malutas ang kakulangan ng mga magulang na magbayad, sana'y may paraan ang pamahalaan na tustusan ito. Kapag nakamit na iyon ng pamahalaan, lalo na ng Kagawaran ng Edukasyon, masasabi ko na handa na ang Pilipinas para sa K+12.





PARA KAY

ni Gerald Gracius Pascua,
kabahagi ang mga ulat ni Hansley Juliano
kuha at lapat ni Jake Dolosa

MAGSISIMULA SA TANONG NA

Papaano ba nararapat simulan ang pagpapakilala sa isang personalidad na kagaya ni Sir Eddieboy Calasanz? Hayaan ninyong magtawag ako ng ilang imahen. Bilang kasalukuyang Dean for Academic Affairs, marahil ay natunghayan mo siya nang minsan kayong magawi sa tanggapan ng ADAA, nakasalubong o nangitian nang minsan kang mapadaan sa Kostka Extension. Sapagkat minsan din siyang naging tagapangulo ng mga Kagawaran ng Pilosopiya at Ingles, hindi rin nalalayong nakita o nakausap mo siya rito. Nakaharap mo na marahil si sir para sa isang oral exam sa pilosopiya (na kadalasa'y nagtatapos sa kaniyang matamis na ngiti o halakhak), o nakausap at nakasamang magmunimuni ukol sa mga bagay-bagay. Nabalitaan mo na marahil sa iyong mga kaibigan, o naranasan nang personal, ang nagaganap sa kaniyang klase sa Ph103 - Pilosopiya ng Relihiyon, na sinimulan niyang ituro mula pa noong 1988. Kung hindi, kahit paano'y nabasa mo man lamang siguro ang kaniyang kalipunan ng mga tula, ang Nagdaraang Hangin, kung saan kabilang ang tulang Awit Kay Ana, na kinagiliwan ng marami. At kung hindi pa rin, subukan mong magawi sa Ateneo College Chapel at baka doon mo siya maabutang nananalangin.

Ngunit matapos sabihin ang lahat ng nabanggit, paano pa rin ba nararapat ipakilala ang isang personalidad na kagaya ni Sir Eddieboy Calasanz?

ANG SIMULA, AYON KAY SIR EDDIEBOY

Lumaki si Calasanz sa Mandaluyong kasama ng kaniyang apat na kapatid. Nag-aral siya ng elementarya sa Lourdes School at bata pa lamang ay hilig na ni Calasanz ang magtanong. Kuwento pa niya, "Noong bata pa ako, marami na akong mga tanong tungkol sa kahulugan ng buhay, tungkol sa mga bagay, bakit ganito, bakit ganiyan ang nangyayari."

Isang psychiatrist sa National Center for Mental Health ang kaniyang ama kung kaya't lagi niyang natutunghayan ang mga pasyente rito sa tuwing sinusundo sila ng kaniyang ama. Malinaw pa sa alaala ni Calasanz ang kuwento niyang ito: "Isang araw, hinihintay namin si daddy, may nakita akong binata, tinedyer, nakatingin lamang sa malayo – tulala. Alam kong baliw siya, at naitanong ko sa aking sarili, bakit? Bakit may mga buhay na nasisira, nawawasak [dahil sa kabaliwan]? Tinanong ko iyon sa aking ama ngunit hindi siya makasagot. Tulad ng minsan niyang nasabi, hindi sinasagot ang tanong na iyan sa kaniyang trabaho, kundi sinisikap lamang itong mabigyang-lunas. Subalit iyon ang mga tanong na nagsimulang bumagabag sa akin."

Bunsod ng isang kaibigan noong high school, nagisnan ni Calasanz na basahin ang mga sikologong tulad ni Sigmund Freud at Erich Fromm, at mula rito, napunta sila sa pagbabasa kina Sarte at iba pang existentialists. Nang mag-kolehiyo, pinili niyang pumasok sa kursong Biology sapagkat aniya, noo'y masidhi ang kaniyang interes sa microbiology. Ngunit kuwento muli ni Calasanz, "Isang hapon habang nagtatrabaho kami sa comparative vertebrate anatomy kung saan binubuksan naman ang katawan ng pusa, napag-usapan niya at ng kaniyang kaklase ang body-soul problem." At pagkatapos noon, aniya, ay naisip niyang lumipat na ng kurso.

Palibhasa'y mahilig din sa panitikan, hati pa si Calasanz kung lilipat ba siya sa panitikan o sa pilosopiya. Ngunit napawi ang mga agam-agam na ito nang kaniyang kunin ang klase ni Padre Ferriols sa Pilosopiya ng Tao. Paglalagom pa ni Calasanz, nagsimula ang lahat sa pagtatagpo ng iba't ibang pangyayari, "tanong ko sa buhay, pagbabasa, panitikan, mga kaibigan, freshman adviser, si Dr. [Ramon] Reyes… nahulog ako sa panitikan, at doon na ako nanatili."

ANG TUGON, MATAPOS ANG PAGKAHULOG (O MATAPOS ANG PAGKAHULOG, ANG TUGON)

Ipinagpatuloy ni Calasanz ang kaniyang gradwadong pag-aaral sa pilosopiya at mula noong 1974 ay nagturo na siya ng pilosopiya sa Ateneo bagaman may ilang taon din siyang lumiban sa pagtuturo nang matungo siya sa Pransiya upang mag-aral. Maraming taon man ang lumipas, nananatiling pa ring masugid si Calasanz upang magturo. Ayon sa kaniya, "Iyong mga tanong noon ay buhay na tanong pa rin. Hindi nawawala! Nagbabago ang mga henerasyon ng mag-aaral at nagbabago rin ang pagtugon sa mga tanong. Ito ang kadahilanan kung bakit sa ganitong propesyon, mahirap tumanda."

Nang bumalik si Calasanz noon 1988, nagsimula siyang magturo ng Pilosopiya ng Relihiyon, at sa kaniyang mga klase rito siya nagsimulang naihanay kabilang ng mga maalamat na guro ng pamantasan. Maraming mag-aaral ang nagsasabing kanilang hindi malilimutan ang kanilang Ph103 kay Calasanz at sa tuwing nakaririnig ng ganitong papuri, hindi maiwasan ni Calasanz na maalala ang kaniyang sariling karanasan sa mga guro. Paniwala ni Calasanz, "dapat naman talagang life-changing ang pagtatagpo

IYONG MGA TANONG NOON AY BUHAY NA TANONG PA RIN. HINDI NAWAWALAY, NAGBABAGO ANG MGA HENERASYON NG MAG-AARAL AT NAGBABAGO RIN ANG PAGTUGON SA MGA TANONG. ITO ANG KADAHILANAN KUNG BAKIT SA GANITONG PROPESYON, MAHIRAP TUMANDA.

ng sinomang guro at mag-aaral. Sa mga pagkakataong gaya nito mo masasabing isang malaking pananagutan ang pagtuturo. Sa abot ng makakaya, dapat maging halimbawa ang gusto kung paano mag-isip, magtanong, at kung paano harapin ang mga tanong."

Natatawa pang paniniyak ni Calasanz, Maraming siyang 'di malilimutang karanasan bilang guro. Nang papiliin kung ano ang una niyang naalala, ito ang kaniyang naikuwento: "Minsang may naitanong sa aking estudyante kung saan napatulala lamang ako. Mga 90s na iyon, isang hapon dumaan ako sa College Chapel at pabalik na sa Philo department. Sa intersection ng EDSA walk at cafeteria, nakita ko ang estudyante ko, fourth year college siya noon at tinanong niya ako, 'Sir, paano kayo magdasal?' Napatulala ako! Estudyante ko siya sa Ph103 at iba pang electives at karapan lamang niyang itanong iyon! Pero tinamaan din ako, natauhan ako sa katotohanan na kung gaano kapersonal at pumapasok sa loob ang ganitong mga klaseng tanong." Pagtatapos ni Calasanz, abogado na mag-aaral niyang iyon, pamilyado na at paminsan-minsa'y dinadala ang kaniyang mga anak sa Ateneo upang maglaro.

MATAPOS ANG BAHAGI SA TUGON, ANG TAWAG (O KUNG PAANO NATUPAD ANG TAWAG-TUGON)

"Naisip ko rin na gusto ko ng maraming anak," nakangiting sinabi ni Calasanz. Sa katunayan, buhat ang kaniyang ina sa malaking pamilya sapagkat higit pa sa sampu ang mga kapatid ng kaniyang ina. Ngunit iba ang naging tawag at landas para sa kaniya. "Ngunit kahit iba iyong tawag, wala akong naging sariling pamilya, nagkaroon din naman ako ng maraming mga anak. Kaya natupad din!" dagdag pa niya.

Hindi naman naisip ni Calasanz na magpari. Kuwento pa niya, nag-aral man siya sa isang Katolikong paaralan at naging sakristan sa Sto. Domingo, hindi niya seryosong naitanong sa sarili ang magpari. Sa kabilang dako, "Ang una kong seryosong naitanong sa sarili ay hindi ang pagpapari, o ang pagiging Heswita, kundi ang maging monghe. Sa Monasteryo ng mga Trappist sa Guimaras." Ngunit 'di kalaunan, hindi rin ito naituloy sapagkat iba ang tawag.

"Nang may magawa ang mga bituin"
Sa kabila ng kaniyang tinahak na landas, hindi pa rin binitiwan ni Calasanz ang panitikan. Hilig niyang basahin ang mga klasiko gaya ni Shakespeare at mga manunulat na Pranses gaya ni Charles Péguy, George Bernanos at André Malraux. Sa mga manunulat sa Filipino, hilig niyang basahin at mga tula nina Virgilio Almario at Rolando Tinio, at mga akda nina Macario Pineda at Ricardo M. Reyes. Ngunit ayon sa kaniya, sinasabi niya si Dostoyevsky.

Sa pag-uudyok ni Danton Remoto, noong 1991 ay nailathala ni Calasanz ang Nagdaraang Hangin, na kalipunan ng kaniyang mga tula mula 1975 hanggang 1990. Kapansin-pansin sa mga pamagat ng tula na isang pag-aalay ni Calasanz ang karamihan sa kaniyang mga akda sa iba. Hinuhugot ni Calasanz ang kaniyang inspirasyon sa mga pangyayari sa buhay kung kaya't marami roon ay para sa mga kaibigan, at mga estudyangre na naging kaibigan.

Bagaman paborito ng marami ang kaniyang Awit kay Ana (1976), pinakapaborito niya sa kaniyang mga naisulat ang tulang Sa Kamatayan ni Martin Heidegger (1976). Natatandaan pa ni Calasanz kung paano niya ito sinimulang isulat. Pabiro pa niyang kuwento: "Nabalitaan ko na namatay siya, umuwi ako noon mula sa Ateneo. Nasa jeep pa lamang ako, iniisip ko na kung paano ito isusulat. May 3-4 pahina ng yellow paper ang unang burador nito. Nang ipakita ko ito kay G. Tinio, minassacre niya ito hanggang sa iyon na lamang ang natira."

NASABI MAN ANG LAHAT NG DAPAT MASABI, BABALIK PA RIN SA

Pagiging guro ang nais gawin ni Calasanz sa hinaharap. Sa edad na animnapu't-anim, may apat na taon na lamang siya bago magretiro. Naitalaga si Calasanz bilang ADAA hanggang 2014 ngunit ayon sa kaniya "pagkatapos nito ay balak kong bumalik sa full-time teaching. Iyong mga huling taon ko ay bilang guro."

Hindi na rin bago kay Calasanz ang pagiging administrador. Naging tagapangulo siya ng Kagawaran ng Pilosopiya ng tatlong taon, matapos noon ay sa Kagawaran naman ng Ingles ng dalawang taon, at naging direktor din ng pre-Divinity program ng dalawang taon din. Gayumpaman, ayon kay Eddieboy, "hindi talaga administrador ang tingin ko sa sarili ko. Ang tingin ko sa sarili ko ay guro pa rin. Kaya hinahanap-hanap ko pa rin ang silid-aralan."

Papaano ba nararapat tapusin ang pagpapakilala sa isang personalidad na kagaya ni Sir Eddieboy Calasanz? Marahil matapos sabihin ang lahat ng masasabi, mainam itong tapusin sa isang kasabihan.

"Ganiyan talaga ang buhay," ang itinuturing na personal motto ni Calasanz. Paliwanag niya, bagaman fatalistic ang dating nito sa ilan, higit na nangingibabaw sa kaniya ang hiwaga at ganda sa tuwing sinasabi niya ito. "Kapag sinasabi kong ganiyan talaga ang buhay, nangingibabaw iyong pagtataka. Kahit may pait man o lunkot, nangingibabaw pa rin iyong pagkamangha," dagdag pa niya.



PASADANG TATLONG GULONG

nina Tricia Ann Mallari at Robert Alfie Peña
kuha at lapat ni Jake Dolosa at Geneve Guyano

ISANG PAGTANAW SA BUHAY NG MGA DRAYBER NG TRAYSIKEL SA KATIPUNAN

Napakaraming maaaring mangyari sa loob ng sampung minuto, ngunit tila ang paglakad mula sa Ministop Katipunan patungo sa silid-aralan mo sa Faura ay hindi kabilang dito. Alas-diyes beinte na, at hindi ka na aabot sa klase mo ng alas-diyes y medya kung gagamitin mo lang ang iyong mga paa. Pagsakay ng traysikel, matatagpuan mo ang iyong sarili sa alinman sa mga sumusunod na problema.

"Sa Ateneo po..."

Iniiwasan ko talagang mag-trike. Maliban sa may pagka-delikado, may kamahalan din. Biruin mo, P25 bawat sakay, P50 papunta't pabalik — magkano na iyon sa isang linggo, o sa isang buwan? Medyo mabigat rin. Pero minsan kasi tinatanghali na ng gising, o di kaya, sobrang higpit ng guro sa oras kaya bawal mahuli. Kaya sa huli, magtatraysikel na rin lang ako.

"P25? Ang mahal naman!"

Sana hindi na lang ako sumakay. Iwas-trike na lang din sana para iwas sa pakikipagtalo. Ang sabi sa matrix, P19 lang dapat. Pero bakit P25 singil nila? Dapat nga pala P14 lang. Sobra pa pala ang P19. Kahit galing Ateneo, galing kanto, kahit saan yata galing P25 ang singil sa amin. Ang mahal naman!

"Lugi kami e."

E bakit kapag papuntang Ministop galing sa loob ng Ateneo, P25 ang singil, 'pag galing sa Jollibee, P25 pa rin? Lahat P25, hindi ba parang may lugi diyan? Para namang hinuhulaan lang iyong presyo, hindi naman taxi pero parang may flag down. Malapit man o malayo, mahal ang binabayaran, bakit naman po ganyan? Lugi kami, e.

"P25? Sige na nga."

Mahuhuli na ako sa klase kaya pinapalampas ko na lang. Kaya sumasakay na rin ako. Pero may kamahalan talaga. 'Di mo siguro dama kung barya-barya lang, pero kung iisipin mo, 'yong barya-barya, dumarami. At ang punto pa, bukod sa presyo, hindi nila sinusunod 'yong napagkasunduan sa matrix. Sabi nila, tumaas na raw kasi 'yong presyo ng gas. Masyado na raw maraming traysikel, halos hindi na raw sila makakuha ng pasahero—matumal ang pasada. Kaya ako naman, magbabayad na rin lang nang mahal.

"Pero may mali talaga, e."

Kahit sabihing maliit na bagay lang iyong baryang diperensiya, hindi pa rin tama e. Akala yata nila lahat ng taga-Ateneo, mayaman. Hindi naman ganun e. E 'yong matrix naman, para lang sa tama—sakto sa drayber at sakto sa mga estudyante, kumpormiso—bakit hindi nila masunod nang maayos? Susunod naman ang mga estudyante sa matrix e, para lang walang naaabuso o nang-aabuso. Katwiran naman nila, ilang beses nang tumaas ang presyo ng mga bilihin at gasolina kaya rin sila napipilitang sumingil nang mas mahal. Kung ganoon, may mali nga talaga.

Bakit kahit gaano kainit ang nagiging pakikipagtalo nila sa mga pasahero, sinisikap pa rin ng mga drayber ng traysikel sa Katipunan na magkaroon ng dagdag-kita? Pakinggan ang kanilang pinanggagalingan.

MAHIRAP

Sa telebisyon, makikita ang iba't ibang hinaing mula sa sektor ng pampublikong transportasyon. Dahil sa taas ng presyo ng krudo, kaliwa't kanan ang mga panukala at pagkalampag ng mga drayber ng dyip sa mas mataas na pamasahe. Ang mga drayber naman na mas malapit sa Ateneo—ang mga drayber ng traysikel—wala silang magagawa. Tila ang pagsingil na lang ng P25 para sa pagbagtas ng Katipunan ang konsuwelo nila.

"Kung dalawa lang ang isasakay mo, lugi. Kaya ang ginagawa namin, tatlo, lalo na ngayon, ang [mura] ng pamasahe, ang mahal ng gas, wala pa kaming fare increase. Nakasalang pa lang sa city council, mayroong public hearing. Kaya ganoon ang ginagawa namin, tatluhan talaga ang [singil] namin. Alam naman ang tungkol dito sa [University] Physical Plant (ng Pamantasang Ateneo de Manila]. 'Yan 'yong arrangement ng Ateneo saka dito."
–Alex Baay, pangulo ng Loyola Pansol Tricycle Operators and Drivers Association (TODA) (berdeng traysikel)



Para kay Baay, sinusunod nila ang taripa at pinapayagan naman sila sa kanilang singil. Kung nais naman ng pasahero na maghintay upang maging mas mababa ang singil, maaari naman nila umanong gawin. Para lamang ang singil na P25 sa mga nais na ispesyal ang kanilang biyahe, upang mas maging mabilis sa mga nagmamadali at hindi na maghintay ng iba pang pasahero.

Kung may mga reklamo naman, mapapamasahe pa man ito o kung ano pa, maaaring lumapit sa tanggapan ng University Physical Plant sa Pamantasan o sa pamahalaang panlungsod ng Quezon ang mga estudyante.

"Kung sagad-sagaran ang biyahe, minsan kumikita ng P800 'yan. Mababawasan pa 'yan."
–Pio Gloria, kalihim ng Loyola Heights TODA (puti)

Ayon pa kay Gloria, sa P800 na kikitain kung magsisipag ang drayber, P300 ang mapupunta sa gasolina kung isang 2-stroke Kawasaki ang motor ng traysikel. At kung iisipin pa sa pagdidiin na rin niya, malaki at ideyal na ang halagang ito. Hindi talaga umaabot sa ganito ang kinikita ng isang drayber sa isang araw. Dagdag niya, tila may nakaligtaan pa siya sa kuwenta.

"Bihira lang 'yang P800 na 'yan. Hataw na 'yan. Hindi pa, wala pang gasolina doon. Boundary mo pa. Katulad ngayon, 'yong Honda, boundary ngayon, P150. Minsan nga, P180. 'Yong mga lumang Kawasaki, P120-P130 lang 'yan, 'yong 2-stroke."
–Gloria

Sa pagsusuma ni Baay, umaabot lang sa P350 ang kadalasang naiuuwi nila. Ngayong patuloy ang pagtaas ng presyo ng gasolina, patuloy ang kanilang pagkaipit. Ngunit ayon pa sa kanya, nakababawi naman umano sila kung bababa ang presyo ng gasolina. Dumadagdag pa sa hirap nila ngayon na bakasyon sa mga paaralan. Malaking bulto sa kanilang mga pasahero ay ang mga estudyante sa paligid ng Loyola Heights.

Ayon din kay Baay, dagdag pang pahirap sa kanila ang mga tiwaling kawani ng gobyerno na madalas na nangangailangan ng lagay para iproseso ang kanilang mga papeles. Maging ang mga opisyal ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) ay nagiging balakid sa kanilang hanapbuhay. Sabi niya,



mayroong pagkakataon na nagharap ang MMDA at ang mga traffic enforcer ng Lungsod Quezon dahil sa pagbabawal sa mga traysikel sa Katipunan. Sa kalaunan naman ay naging maayos na ang lahat sa pagitan ng mga partido.

"Tiyagaan lang, kaysa nasa bahay ka lang. Wala, magtiyaga ka lang para maka-survive."
– Baay

BINUKLOD

May mga limitasyong itinatalaga ang pamahalaang panlungsod ng Quezon. Para sa mga traysikel, mayroong road measure capacity, o ang itinalagang bilang ng mga traysikel na maaaring bumiyahe sa kanilang ruta. Para sa dalawang TODA, nasa 257 ang bilang para sa berde at 191 sa puti. Kolorum ang mga traysikel na sosobra sa bilang na ito.

Sa bawat biyahe ng mga traysikel na miyembro ng mga TODA, mayroong limang piso (P5) na kailangang ibigay bilang butaw o kontribusyon sa organisasyon. Ginagamit naman nila ang perang nalikom para sa iba't ibang programa para sa mga drayber.

Nagbibigay ang TODA ng mga benepisyo sa mga drayber nito. Kung may sakit ang isang drayber, P1500 ang matatanggap samantalang P3000 naman kung bawian ng buhay ang isang drayber. Binubuklod ng TODA ang mga drayber nito sa mga programa. Ngayon, ayon kay Baay, magdaraos ang kanilang grupo ng mga palaro kung saan kabilang mga tradisyonal at Filipino na isport. Magsasagawa pa umano sila ng karera. Sasakay ang anim na tao sa mga panlaban ng berde at puti, at magpapaunahan.

"TIYAGAAN LANG, KAYSA NASA BAHAY KA LANG. WALA, MAGTIYAGA KA LANG PARA MAKA-SURVIVE."

-ALEX BAAY, PANGULO NG LOYOLA PANSOL TODA (BERDE)

PAGMAMALAKI AT DISKARTE

Taong 1982 nang matanggal sa trabaho si Baay. Ginamit niya ang nakuha niyang separation pay upang bumili ng motor na magagamit niya sa paghahanapbuhay. Dalawang taon din niyang hinulugan ang motor. Sa ngayon, paminsan-minsan na lang siya lumalabas upang mamasada. Kasalukuyan siyang tumutulong sa mga kapwa niya drayber sa paglalakad ng mga kinakailangang papeles sa mga tanggapang nagbibigay-lehitimasyon upang makapamasada sila. Si Gloria naman ay nagsimula noong 1996.

"Nagsimula ako, 1996. Pero ipinagmamalaki ko naman talaga ang pagiging drayber ng traysikel kasi kung matapat ka lang talaga, gaganda ang buhay mo. Totoo 'yon."
– Gloria

Ipinagmamalaki ni Gloria na napagtapos niya ang apat na anak niya sa pamamasada ng traysikel. Lahat sila ay propesyonal na. Malaking punto para kay Gloria ang pagiging tapat at dito niya ipinagmaneho ang kanyang pamilya.

"Makaka-survive ka niyan basta mahusay kang dumiskarte."
- Baay

Gipit man sa halos lahat ng aspekto, nakakayanan naman. Para kina Baay at Gloria, at sa iba pang drayber ng traysikel, pasada na ang kanilang naging diskarte.





PAGTALIMA SA HELE NG PANININDIGAN AT PRINSIPYO NI NANAY MAMENG

ni Jan Fredrick Cruz at Robee Marie Ilagan
kabahagi ang mga ulat ni Miguel Rivera
kuha at lapat ni Jake Dolosa

Maraming kwento ang maaaring paghugutan ng inspirasyon, subalit iilang tao lamang ang maaaring magmarka sa kasaysayan at sa lipunang puno ng kawalang katarungan. Ito ang buhay at paninindigan ni
Carmen Deunida o mas kilala bilang Nanay Mameng.

PASA-KALYE

"H'wag kang aalis, ha? Hanggang 'di ako dumadating, h'wag kang aalis." Iyan ang bilin mo sa iyong kapatid bago mo siya iniwanan sa bahay; saglit kang umalis upang humanap ng makakain. Hindi mo alam kung sapat nang itago siya sa ilalim ng mesa, palibutan ito ng mga karton, bangko, at unan, saka ikandado ang pinto ng tahanan ninyo upang panatilihing ligtas ang kapatid mong bunso.

Dekada '40 noon, hindi ka pa ganap na dalaga nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at nang mapunta sa saklot ng mga Hapon ang buong Kamaynilaan. Halos araw-araw nagbabahay-bahay ang mga sundalong Hapon; naririnig mo ang mga ulat sa ginagawa nilang pamamaslang. Nasa Tondo ang ama mo at nasa Santa Ana naman ang iyong ina't mga kapatid. Dinalaw lamang nila ang ilang kamag-anak at babalik din sana agad. Datapuwa, sinira ng giyera ang mga tulay pabalik sa lugar ninyo. Sa iyo tuloy naiwan ang responsibilidad na alagaan ang limang taong gulang mong kapatid.

Sa iyong paghahanap ng pagkain, napadaan ka sa headquarters ng mga Hapon. Napansin mong wala halos tao kaya naglakas-loob kang pasukin ito at magnakaw ng pantawid-gutom. Papaalis ka na sana sa himpilan ng kalaban bitbit ang pagkaing ninakaw nang maulinigan mo ang paparating na trak lulan ang mga sundalo. Dali-dali kang naghanap ng taguan; isiniksik mo ang iyong sarili sa nakita mong nakatiwangwang na balde. Agad kang lumabas ng kinalalagyan mo noong wala ka nang naririnig na ingay. Sa pagkaripas mo ng takbo, hindi mo namalayang nakita ka ng isang sundalong Hapon. Hinabol ka niya hanggang simbahan. May ginaganap na misa roon at ikinubli mo ang sarili sa kapal ng mga taong nagsisimba; hindi ka na natunton pa ng humahabol sa iyo. Nang batid mong ligtas ka na, nagbalik ka na sa tahanan ninyo tangay ang mga pagkaing nakaw mo.

Tapang. Lakas ng loob. Tibay ng dibdib. Ipinakita mo sa araw na iyon na taglay mo ang mga ito kahit sa murang edad pa lamang. Iyan ding mga katangiang iyan ang ipamamalas mo sa halos walumpung taon mong pamamalakaya sa dagat ng karalitaan at magsisilbing patnubay mo sa apat na dekadang

HANGGANG GUMAGALAW PA AKO AT PANTAY PA ANG DALAWA KONG PAA, HINDI AKO TITIGIL. TITIGIL LANG AKO KUNG NASA LOOB NA AKO NG KAHON.

pakikibaka para sa maralita at nasa laylayan ng lipunan.

KABATAAN

Hindi na nga nakapagtataka ang iyong pagiging palaban, lalo na at kailangan ito sa buhay na maagang namulat sa paghihikahos. "Carmen" ang ngalang ibinigay sa iyo nang ipinanganak ka noong Pebrero 8, 1928. Clerk sa Bureau of Supplies ang ama mong si Vidal Deunida; simpleng maybahay ang iyong inang si Laura Castro. Hindi sapat ang kita ng tatay mo upang punan ang pangangailangan ng pamilya kaya minabuti ng iyong ina na magtinda ng kakanin. Magluluto ang nanay mo ng puto at bibingka sa tanghali at ikaw naman ang maglalako ng mga ito sa hapon. Inaabot ng madaling araw ang iyong paglalakad sa mga lansangan upang maubos ang paninda mo. Pag-uwi mo sa bahay, dalawang oras lamang ang iyong pahinga, at babangon ka na upang tumulong naman sa trabaho sa tahanan. Aral, tinda, gawaing-bahay – dito umiikot ang iyong magdamag.

Sadlak man sa kahirapan, nanatiling matayog ang mga pangarap mo. Hindi ba nga, ambisyon mong maging abogado, o dili kaya, doktor? Gusto mong ipagtanggol ang mga naapi o gamutin nang libre ang mga maysakit. Magkagayon, apat kayong magkakapatid na di-nakatapos sa pag-aaral dulot ng estado sa buhay at ng naganap na digmaan. Hindi man sapat ang iyong edukasyon – hanggang ikalawang taon sa sekondarya lamang ang naabot mo – upang makatuloy sa abogasya o medisina, nanatiling masidhi sa iyo ang pagnanais na tumulong sa kapwa. Sinimulan mong magturo sa mga batang lansangan noong 1948. May klase ka sa umaga at hapon; sa bawat klase, pumapatak na 60 bata ang tinuturuan mo nang walang bayad. Tuwing Sabado at Linggo, mga araw na hindi ka nagtuturo, ang hanapbuhay mong pagtanggap ng labada ang iyong inaasikaso. P50 ang kita mo kada labada.

Pamilya at paniniwala sa aktibismo Nananatiling barungbarong sa Leveriza ang iyong bahay; kasama mo roon ang ilang anak at mga apo mo. Iyon na ang nagsilbi mong tahanan simula pa dekada '40 ngunit hanggang ngayon, wala ka pa ring titulong pinanghahawakan sa lupang kinatitirikan ng bahay mo. Kaya ang turing sa iyo, maging sa mga kapitbahay mo – iskuwater. Ipagkikibit-balikat mo na lamang ito at sasabihing, "Filipinas ito; Filipino tayo. At walang maaaring tumawag sa atin na 'iskuwater.' Ang mga tunay na iskuwater ay hindi tagarito sa bansang ito."

Patuloy kang hinahangaan sa loob at labas ng iyong munting tahanan. Bunsod ito ng di-mababaling tindig at paniniwalang "Ang aktibismo ang talagang paglaban. Kumbaga, (nasa iyo ang) katapangan mo at kahandaang lumaban. Handa mong ibigay ang buhay mo para sa kapakanan ng bayan—ng bansang Filipinas, at para rin sa kalayaan at katarungang hindi naibigay sa atin ng kahit sinong namahala sa ating gobyerno. Walang nakapagbigay ng karapatan para sa atin."

Aktibo ka pa rin sa mga kilos-protesta, at madalas ninyo itong pagtalunan ng iyong mga apo at mga anak. "Nanay [o Lola], matanda ka na," palaging iginigiit nila. "Hindi ka ba napapagod? Hindi ka ba nagsasawa? Sige lang ang laban, e hindi naman kayo nananalo." At laging tugon mo, "Hanggang gumagalaw pa ako at pantay pa ang dalawa kong paa, hindi ako titigil. Titigil lang ako kung nasa loob na ako ng kahon."

Marami sa mga nakasama at nakilala mong personalidad sa dalawang People Power ang nailagay na sa poder. May nailuklok na Pangulo, naitalaga sa Gabinete o ibang ahensiya ng gobyerno, o nahalal na senador, kongresista o alkalde ng lungsod. Subalit walang nagbago. Inisip mo na lamang na talagang ganyan, hindi nakakamit ang tagumpay sa "isang pitik lang." Kaya nga patuloy ka pa rin sa pakikibaka, kahit may uban ka na sa buhok o nirarayuma na ang tuhod.

Tumindig ka para sa paniniwalang ang aktibismo ay nag-ugat sa obserbasyong "Kung sino ang umapi sa atin, lalo na kung mayaman, iyon pa ang mas binibigyan ng karapatan kaysa sa atin. Sila pa ang mas may katwiran kaysa sa atin. At tingnan mo na lang ang nangyayari, ang sabi sa atin ng Amerikano nang matapos ang giyera, tayo raw ay malaya na. Paano kang magiging malaya kung hanggang ngayon, pinakikialaman nila ang ating politika, ang ating ekonomiya? Ang lahat, pinakikialaman [nila]."

KULANG ANG SALITA

Mula sa mapang-aping diktadurya ni dating pangulong Ferdinand Marcos hanggang sa pagpapatalsik kay dating pangulong Joseph Estrada at sa mapanlinlang na administrasyong Gloria Arroyo, hindi ka napagod sa pagbabahagi ng iyong katapangan. Sa paghamon mo noon kay Arroyo, ipinakita mong nasa taumbayan dapat ang tapang na panagutin ang mga nasa katungkulan. Iyong winika, "Kayong lahat, na uupo sa ating pamahalaan, ang hinihingi namin ngayon – ng taumbayan – hindi iyong salita, [bagkus] gawin ninyo. Ipakita ninyo sa amin, na ginagawa ninyo ang mga sinabi ninyo, ang mga pangako ninyo. Lalo na ikaw [Arroyo], uupo ka bilang Presidente, gawin mo ang sinasabi mo. Huwag kang magsasalita, dahil ang salita, parang bula iyan na pumuputok."

Itinuturing mong mga anak ang mga kaisa mo sa paniniwalang kailangan ng pagbabago ngunit tahasan mo ring itinatakwil ang mga mapagpanggap at nagkukulang sa prinsipyo. Sa harap ng mga karahasang maaaring ibalik sa iyo at sa pamilya mo ng mga makapangyarihan sa lipunan, patuloy kang sumasagot sa mga taong bulag para sa trabaho at pera. Pahayag mo, "Oo, lahat tayo kailangan natin ng trabaho. Pero kung ang ibibigay na trabaho sa atin ay para makapanakit tayo o pumatay ng kapwa, hindi na lang. Huwag na, manghingi na lang tayo ng limos."

Hindi natatapos sa matatalim na salita ang iyong pakikipaglaban at ang iyong katapangang nakasandig sa prinsipyo. Sabi mo, "Kailangan sama-sama, at huwag pairalin ang takot. Dahil ang takot, nasa isip lang iyan. Hindi na tayo bata para takutin. Noong bata tayo, tinatakot tayo: huwag kang lalabas, may aswang. Pero ngayong matanda na tayo, hindi na tayo puwedeng takutin." Dagdag mo pa, "Kailangan, itanim natin sa ating kalooban na ang Filipino (ay) talagang matapang, lahing matapang ang Filipino."

INIIWANG HAMON

Hindi pa man tapos ang iyong kasaysayan at habang patuloy pa rin ang iyong pakikipaglaban, may mahalagang aral mula sa isang mapagmahal na Nanay ang tinatanggap ng batang lipunan ng Filipinas. Pangaral mo sa kabataang binibigyan mo ng inspirasyon, "Buksan natin ang ating kaisipan sa pamamagitan ng pag-aaral para malaman natin [kung] ano ba talaga ang karanasan natin. Ano ba talaga ang nangyayari sa atin, sa ating bansa? Sino ang dapat nating sisihin? Sino ba ang may pakana niyang paghihirap natin at paano natin iyan mapapagtagumpayan?"

Sa pagbibigay mo ng iyong sarili sa lipunang iyong ginagabayan, hindi mawawala ang talab ng iyong pangaral na "Walang atrasan, dahil ang tagumpay ay nasa atin. Ang lakas natin ay nasa pagsasama-sama natin. Tayo ang magtatayo ng bandila ng ating kalayaan, at tayo rin ang guguhit ng ating kasaysayan."



kuha ni Jake Dolosa

Narito sa mga kamay ang panahon.
Nakaukit sa mga linyang bumubuo

ng mapa ng alaala at pagkawala.
Narito ang siyudad, nakapataw

sa ating marurupok na palad.
Hindi ko makayahang ikuyom

sapagkat narito pala ako
sa hanggahan ng mapang tangan,

nakakulong sa sariling kapalaran.
Tumakas na sa siha ng kahapon.

ni Paolo Tiausas

Samantala

Elroy Rendor

Sinampal ako ng kaklase ko
nang walang dahilan
samantalang
sinampal ng mga taong galit
sa EDSA
ang pangulong kurakot
at pinalayas.

Lualhati sa Diyos sa kaitaasan
ang salmong tila tugunan
sa mga misang hindi mabilang,
hindi sapat,
ng taong bayan
samantalang
lualhati sa laman
sa nasa ibabaw
ang ungol sa mga kuwartong
apat na oras ang taning
sa pag-abot ng mga tikatik
ng mga katas ng laman.

At dahan-dahang kinakain ng oras
ang paghihintay ng tao sa bukas
na mas maaliwalas
samantalang
nauubos ang lakas ng araw
samantalang
umiikot at iniikutan ang mga planeta
samantalang
lumalawak ang kalawakan.

Hanggang sa maging kasaysayan
ang lahat ng nagaganap
at magaganap,
na dagdag sa babasahin ng aming
magiging mga anak,
katulad ng mga palabas na pambata
na pumalya sa kanilang propesiya
ng mas magandang bukas.

Samantala,
may babaeng ipapanganak
na makatutuklas ng tumbasan ng
kalawakan
at may lalaking ipapanganak
na wawasakin ang kalis ng simbahan

'TENISTA NGA!

Hello mga 'tenista, summer nanaman!

Kita na lang tayo sa Ateneo de Boracay!

Kailangan nanaman ng ... beach volleyball, sunblock, suit, tequila sunrise (o sunset), shadez, eehaaaw...

Kyut ng merlion. Parang ung nasa seal ng Filipinas at San Miko Beer...

Astig ang Esplanade, parang malaking duryan.

~!@#$% anraming jejemon sa Universal Studios!

Ako nanaman D:

- HAMFISH

Hello ma'am, sir, welcome to Entertainment World. Would you like to avail of our special products and services right here right now?

[un4tnately, clerical job sa OJT... ...]

[typecased na ...

INTERNET ALPHA MALE.]

Gurabe. Nag-bayad pa ako sa OJT.

...

Well, net income naman ang allowance

halikunu kini kina down from the hill!!! ;)

after Lynyrd Paras
"Hello Hunneh Bunneh"

